

# ANG DARATING NA HALALAN

Pagtulong Sa Sangkatauhan...

MAGASIN NG
BAGONG Buhay
ENERO 13, 1957

UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES LIBRARY
JAN 31 1957

# Mga BALITA sa LARAWAN



Isa na namang mariing dagok ng kalikasan ang nadama ng mga taga-Mindanaw nang bumaha roon kamakailan. Makikita ang Kalihim Eulogio Balao ng Tanggulan, samantalang inaaliw ang isang paslit na kabilang sa mga nangawalan ng tahanan at nagsilikas sa gusali ng Davao Elementary School.



Bilang pagkilala sa kanyang mga "nagawa" sa kapakanang panglipunan, si Dra. Constancia D. Perez, tagapangasiwa ng sangay ng Krus na Pula sa Bulakan, ay pinagkalooban ng diploma ng karangalan ng Suburban Press Club sa taunang pagkakaloob ng mga gantimpala ng SPC na idinaos kamakailan sa National Press Club. Makikita sa larawan si Dra. Perez, samantalang tinatanggap ang kanyang "gantimpala" buhat sa Pangulong Magsaysay na siyang naging panauhing pandangal.



Makikita sa larawan ang isang anak ni Benito Laserna, kawani ng Bagong Bilibid sa Muntinglupa, Rizal na namatay kamakailan, samantalang tinatanggap kay Manuel Ignacio, ingat-yaman ng samahan ng mga kawani sa bilangguan, ang halagang ₱1,000. Nakamasid si Gng. Laserna at si Alfredo Velasco, punong pampangasiwaan ng Kawanihan ng Bilangguan. Ang kaanak ng mga kawaning kasapi sa BP Mutual Aid Association ay nakatitiyak ng tulong buhat sa samahan kung sakaling mangaulila. (Larawang kuha ni J. C. Baclit).


MAGASIN NG BAGONG BUHAY

Lumalabas tuwing Linggo ng umaga na kalakip ng pahayagang BAGONG BUHAY.

Tanggapan at pasulatan: 209 Sampaloc Avenue, Lunsod Quezon.

Kasapi sa United Press, Philippine News Service, ONINC, King Features Syndicate, United Feature Syndicate, PANA at USIS.

Namamatnugot: EDDIE RAÑOLA

Kagawad: GREGORIO R. FLORENCIO    Sa sining: PETE VENEZUELA

Ang lahat nang sulat o padalang-tulong sa Magasing ito ay ipadala sa: Magasin ng BAGONG BUHAY, 209 Sampaloc Ave., Quezon City.


## ANG PABALAT

SA KASALUKUYAN, ang mga taong inaabot ng ano mang kapansanan at kapahamakan ay madaling makaaasa ng tulong sa mga ahensiyang panaklolo ng pamahalaan at sa mga samahan sa kawanggawa na nagsisikilos sa iisang layunin: ang maglingkod at tumulong sa sangkatauhan.

Ang Krus na Pula, katulad ng ibang samahan sa kawanggawa, ay laging maaasahan sa pagsaklolo sa mga taong nangangilangan ng tulong. Ang isa sa mga makataong hakbang ng Krus na Pula ay ang pag-iimbak ng dugo para sa mga maysakit at iba pang nangangailangan. At ito'y naisasagawa sa tulong ng mga taong nagsisipag-abuloy ng dugo.

Ang makikita sa pabalat, si Donald Reynolds, 21, ng hukbong panghimpapawid ng Estados Unidos, ay isa sa mga may matulunging puso na malimit magkaloob ng dugo para sa mga nangangailangan. Kamakailan lamang ay naghandog siya ng dugo sa kaligtasan ng isang batang may tatlong taong gulang na na sa bingit ng kamatayan. Ito ay ikatlong ulit nang pagpapakuha ni Reynolds ng dugo sa kanyang katawan upang maisalin sa isang nanganganib ang buhay. Kabilang siya sa isang pangkat ng mga Pilipino at Amerikanong palagiang tagapag-abuloy ng dugo na na sa talaan ni Rosa Rosal, kusang-loob na tagapaglingkod para sa Banko ng Dugo ng Krus na Pula. Sa lahat nang sandali, nakalaan si Reynolds na magkaloob ng dugo sa sino mang nangangailangan, kailanpama't ipahihintulot ng kanyang katawan.

Ang amerikanong ito ay maging halimbawa nawa sa ibang may sapat na kalusugan.

# Isang Abalang Araw Para Sa Pangulo









Ang nakaraang ika-2 ng Enero ay masasabing isang abalang araw para sa Pangulong Ramon Magsaysay. Bukod sa napakaraming gawaing pampangasiwaan na hinarap niya nang araw na yaon ay naparagdag pa ang ilang mahahalagang bagay na kinabibilangan ng mga sumusunod:

(1) Pinulong ng Pangulo ang kanyang gabinete sa kauna-unahang pagkakataon sa taong ito. Makikita ang punong-tagapagpaganap sa kabilang dulo ng hapag samantalang nakikinig sa pagsasalita ng Pangalawang Pangulong Carlos P. Garcia (nakatalikod sa kamera). Tinalakay ng gabinete sa pulong na ito ang mga pangunahing suliraning gaya ng pagpapaabot ng mga ilaw-dagitab sa mga liblib na nayon at ang muling pagpapatayo ng mga winasak ng baha sa maraming purok ng Mindanaw.

(2) Si Gng. Amparo Villamor, tagapangasiwa ng SWA, habang nag-uulat sa Pangulong Magsaysay ng pangka[illegible]atang nagawa ng SWA sa pagtu[illegible] sa mga sinalanta ng baha sa Mindanaw. Binati ng Pangulo ang Pangasiwaan ng Kagalingang Bayan, ang Pambansang Krus na Pula, ang Hukbong Sandatahan at ang lahat nang pinuno at kawani ng mga ahensiyang panaklolo ng pamahalaan dahil sa madalian at mabisang pamamahagi ng tulong sa mga nasalanta.

Itinalaga ng Pangulo sa panungkulan ang ilang pinuno na kinabibilangan nina (3) Pedro Gimenez, sa pagka-auditor heneral; Jose Arañas, kolektor ng Rentas Internas; at (4) Benigno S. Aldana, direktor ng mga paaralang-bayan. Ang panunumpa sa tungkulin ng mga kinauukulan ay idinaos sa bulwagang tanggapan ng Malakanyang at sinaksihan ng mga pinuno ng pamahalaan at ng mga kaanak ng mga itinalaga sa bagong puwesto.

## Ayon sa Kanila...

Dili ang di nakapanggilalàs sa bayan ang ginawang pagbubunyag ni Senador Claro M. Recto tungkol sa umano'y lihim na kasunduang nilagdaan nila ng Pangulong Magsaysay, Senador Laurel at Senador Tanada. Hindi akalain ninoman na ang pagkakapagbunsod at pagtangkilik ng Lapiang Nasyonalista sa noo'y Kalihim Magsaysay ay may kaugnay na isang lihim na kasunduan. Ngayon lamang pumutok ang bagay na iyan —ngayong "nagpaputok" din si G. Recto na kakandidato siya sa pagka-Pangulo sa darating na halalan.

Dahil sa mga bagay na nabunyag, naniniwala ang marami na isang malaking kasiraan sa Pangulong Magsaysay ang muling pagkandidato sa reeleksiyon. Ang gayo'y mangangahulugan umano ng pagsira ng Punong Tagapagpaganap sa kanyang marangal na pangungusap (ito'y kung talagang tutoo ang sinasabing kasunduan).

Nguni't marami rin naman ang may ibang opinyon tungkol sa nabanggit na kasunduan. Ang tao o mga taong nagmunukala ng kasunduang yaon, na matataas na pinuno ng pamahalaan, ay may mga pansariling layunin at hindi tutoong nais lamang makapaglingkod sa bayan kaya nagsipagsakit na maibagsak ang nakaraang administrasyon. Ipinakilala rin ng mga taong iyon na ang pinakamataas na tungkulin sa bansa ay ginagawa lamang nilang parang laruang walang kahala-halaga.

Anopa't kung talagang tutoo at mapatunayan ang nabanggit na lihim na kasunduan, hindi si Presidente Magsaysay lamang ang "mauulingan" kundi gayondin ang mga pinunong kainalam o kasama sa kasunduang iyon. — *Demetrio Az. Malari, Tayuman, Maynila.*


Hanggang ngayon na malapit na uli ang halalan ay marami pang di natutupad sa mga ipinangako ng kasalukuyang pangasiwaan noong namimingwit pa ng boto upang maluklok sa kapangyarihan. Hindi maikakailang mayroon ding mga "nagawa" ang administrasyong ito, na talaga namang dapat hintayin sa alinmang pangasiwaan, nguni't maraming bagay na nakakaligtaan sa kapakanan ng mga mamayan. Unang-una na sa lahat ay ang suliraning pangkabuhayan, gayundin ang suliranin sa kawalang-hanapbuhay. Hanggang ngayon ay hindi pa nalulutas ang una at ang huli naman ay lalo pang lumubha kaysa rati. —*Moises L. Bosig, Dinalupihan, Bataan.*

Napapansin naming unti-unti nang nauubos o nawawala ang nagsisipagtinda sa mga bangketa at tabi ng kalsada. Hindi masama, pagka't unti-unti na ring nanunumbalik ang kagandahan ng lunsod. Nguni't nangangamba naman kaming dahil diyan ay lalong dumami ang mga taong nagugutom... at hindi malayong lalo ring dumami ang mga mangharang, mangungulimbat at mandurukot. At iyan ay isang lalong malaking suliranin ng mga pinuno ng pamahalaan na hindi maipagpapag g a y u n-g a-yon lamang. —*Raquel H. Montol, Sta. Mesa, Maynila.*

Panahon na naman ng kampanya sa nalalapit na halalan. At panahon na naman ng mga talumpati at ng mga "pangakong laging napapako" ng maraming kandidato. Ano naman kaya ang matatabang paing ipamimimingwit ng mga kandidato na ito sa


(*Buklatin sa pah. 31*)


# Isang Kaugaliang Pilipino...



Sa mga baryo ng Mandayan sa Mindanao: Sa pagdiriwang ng pista, ang pinaka-ulo ng pamilya sa tribu ay naghahagis ng isang sibat sa isang tumpok na pili na nakalagay sa isang di-maayos na altar na pinaliligiran ng mga taong nagsasayaw ng "pandigmang" sayaw. Kapag nasapul niya ang mga pili at mayroong nahulog, ang paniwala nila'y magkakaroon ng sakuna sa kanilang bayan, kung wala namang mahulog ay tatanggap sila ng biyaya.

Lubos na matanda kaysa maraming kaugaliang Pilipinong umiiral hanggang ngayon ay ang paghahandog at pag-inom ng—




**GINEBRA SAN MIGUEL**

*"Ang Kinagigiliwang Hinebra Buhat Pa Noong 1834!"*


Sa loob ng mahigit na isang daang taon, ito ang kinagigiliwan sa mga kapistahan at mga pagtitipon sapagka't LASA ANG NAGSASABI! Sumasarap lalo ang mga inumin kung may GINEBRA SAN MIGUEL.

*isang produkto ng*

**LA TONDEÑA, INC.**

**MAKINIG SA:**

"Edong Mapangarap", DZFM, Martes, ika-8:00-8:45 nang gabi; "Mga Kuwento ni Lola Basyang", DZPI, Biyernes, ika-8:00-8:30 nang gabi; "La Tondeña Grand Amateur Contest", DZBB, Linggo, ika-5:30-6:30 nang gabi.



Makikita sa larawan si Senador Claro M. Recto (gitna) pagkatapos na ipahayag niya ang kanyang kandidatura sa pagka-Pangulo, samantalang siya'y nakikipag-usap sa dalawang lider ng lapiang Liberal, sina Hermenegildo Atienza at Camilo Osias. Ang minorya ay nakahandang magtaguyod sa kandidatura ni Recto kung hindi siya lalahok sa kombensiyon ng mga Nasyonalista.

# MAGIGING "MAINIT" ANG SUSUNOD NA HALALAN!

Sinulat ni TITO V. CARBALLO

**Ngayon Pa Lamang Ay "Mainit" Na Ang Lakad Ng Pulitika, Kaya Maaasahang Ito'y "Kukulo" Na Sa Halalan Sa Darating Na Buwan Ng Nobyembre, Gaya Ng Paniniwala Ng Sumulat Nito Na Si TVC**

SA NOBYEMBRE 10 ng taong kasalukuyan ay idaraos ang pambansang halalan. Ang lahat ng mga mamamayan, babae't lalaki, na nangasa gulang nang maaaring bumoto, ay tutungo sa mga presintong panghalalan at sila'y pipili ng magiging Pangulo, Pangalawang Pangulo, walong senador, at mga kongresista.

Bilang paghahanda sa araw na ito, ang mga mamamayang manghahalal ay kasalukuyang sumusubaybay at nag-aaral na mabuti sa takbo ng politika sa ating bansa. Sila ay nagsimula nang magsuri sa mga katangian ng mga taong nagpahayag ng kandidatura, lalung-lalo na ang mga kakandidato sa pinakamataas na tungkulin sa bansa, ang Panguluhan.

Sa kasalukuyan ay dadalawa lamang ang alam ng mga taong-bayan na kandidato sa pagka-Pangulo, at ang mga ito ay ang Pangulong Ramon Magsaysay at si Senador Claro M. Recto.

Talunin kaya ni Recto ang Pangulo? Ang tanong ng marami. Ayon sa mga kuru-kuro ng ating mga dalubhasa sa politika, ang Pangulong Magsaysay ay muling mahahalal, at si Recto ay nag-aaksaya lamang ng panahon sa paghahangad niya sa pinakamataas na tungkulin.

Batid ng lahat na si Recto ay isa sa mga haligi ng lapiang Nasyonalista at ang Pangulong Magsaysay ay kagawad din ng partidong ito. Ano ang naging dahilan at nagpasiya ang senador ng lalawigang Batangas na siya ay kumandidato? Ang kasagutan sa tanong na ito ay siyang nais malaman ng bayan, nguni't, nang itanong kay Recto, ang senador ay ngumiti lamang, sa halip na sumagot.

Si Recto ay isa sa pinakamahusay na mananang-gol sa bansa, tumulong sa paghahanda ng ating konstitusyon, magiting na mambabatas, at malakas sa politiko. Sapul nang mahalal na Presidente ang Pangulong Magsaysay, si Recto ay naging isa sa pinakamahihigpit na kritiko ng Punong Tagapagpaganap, bagay na siya tuloy naging dahilan ng kanilang "paghihiwalay ng


SANGKAP NA NAGPAPABABA NG LAGNAT SA

BAGONG PORMULA

MAY TATLUHANG BISA

CAFIASPIRINA

HIGIT NA MABISA KAYSA "KABABALAGHANG LUNAS"



Pagsubok na ginawa sa 150 Amerikanong Abiador ay nagpatunay sa kabilisan ng CAFIASPIRINA sa pagpapababa ng lagnat!

Mga pagsubok sa klinika na ginawa sa isang himpilan ng paliparan sa Estados Unidos sa 150 Aviador na binabagabag ng Influenza, bronkitis at sipon, ay nagpatunay na ang tampok na sangkap ng bagong Cafiaspirina ay pinabababa ang lagnat ng lalong mabilis kaysa mga tinatawag na kababalaghang lunas o "antibiotico." Ang kinalabasan ng pagsubok ay nagsasaad din na walang masamang bungang naidudulot, na paminsan-minsan kaagibat ng "antibiotico."

Ang Cafiaspirina ay nagdudulot ng hindi lamang isa kundi dalawang nagkakabisang pamawi ng kirot at saka ikatlong sangkap na dagling nagpapaginhawa sa panghihina, na laging kaagibat ng lagnat, kirot at sipon. Itong tatlong sangkap na "panlaban sa kirot" ay samasamang nagkakabisa, animo hatol ng manggagamot, nagdudulot ng dagli at banayad na ginhawa. At bago ninyo namalayan, ang kirot at sakit ay napawi na pati ang pamimigat ng katawan na laging kaagibat ng sipon, lagnat o sakit ng ulo.




Upang masugpu ang lagnat o sipon at muling sumigla...


Laging lumunok ng

BAGONG PORMULA

MAY TATLUHANG BISA

CAFIASPIRINA

3-KAGILAGILALAS NA "PANLABAN SA KIROT" SA BAWA'T TABLETA!



**MAGIGING "MAINIT"...**

Ang magandang pagsasamahan ng Pangulong Magsaysay at ni Senador Jose P. Laurel ay natapos kamakailan lamang nang ipahayag ng huli na "ako'y nagsisisi kung bakit naibunsod ko ang kandidatura ni Magsaysay sa pagka-Pangulo noong 1953." Makikita sa itaas ang huling larawan ng dalawang pinuno bago sila "maghiwalay ng landas."


Maaasahan
Mahabang Buhay
Firestone
De Luxe Extra Life
BATTERY




Ang bagong mga Duralex ay nagtatanggol laban sa labis na paggamit at nagbibigay ng ibayong lakas sa pagpapasimula — ang bagong Lifetime Cell-Sealing Compound ay nangangalaga laban sa pagkasira bunga ng mataas na temperatura ng makina.

*Inyong Kaligtasan ang Aming Layunin sa Firestone*

Firestone Tire & Rubber Co. of the Philippines

SEBU • NAGA • MANILA • BAKOLOD • DABAW • ILOILO

Makinig sa "Voice of Firestone" tuwing Lunes, 8:30-9:00 n.g. sa DZRH

MABUTING DAAN AY MABUTING BUHAY



Kung hindi makapagsipilyo matapos kumain
Sapat na ang Minsang *Pagsisipilyo* ng

COLGATE DENTAL CREAM

✓ Laban sa Pagkabulok ng Ngipin sa Maghapon!
✓ Pinapawi ang Masamang Hininga Agad-agad!
✓ Pinananatiling Maganda't Malinis ang Ngipin!




may GARDOL +
Tatak ng Colgate ukol sa sodium N-Lauroyl Sarcosinate

itinatagubilin ng PHILIPPINE DENTAL ASSOCIATION

PINABABANGO ANG INYONG HININGA HABANG PINANGANGALAGAAN ANG INYONG NGIPIN!


landas." Dahil sa mga batikos ni Recto, ang Pangulong Magsaysay ay napilitang kumampanya laban sa una, noong nakaraang halalan, 1955.

Bago sumapit ang halalan noong taong 1955, nakuha ng Pangulong Magsaysay na huwag maibilang si Recto sa talaan ng mga kandidato opisyal ng kanilang lapian. Dahil dito, si Recto ay napilitang kumandidato sa ilalim ng bandila ng partido Liberal, bilang isang panauhing kandidato, at siya'y isa sa mga nahalal.

Ang pasiya ni Recto na siya ay kakandidato sa pagka-Pangulo ay ikinagulat ng mga lider ng lapiang Nasyonalista, at marami sa kanila ang nabahala sapagka't ang mga mambabatas na maka-Recto ay agad na nagsipagpahayag na itataguyod nila ang kandidatura nito. Bukod diyan, ang mga pinuno ng partido Liberal na matagal nang humahanap ng magiging tagapagdala ng kanilang bandila, ay nagsimula rin kaagad ng "pagligaw" kay Recto.

Dahil sa ginagawang "pangliligaw' kay Recto ng mga lider ng minorya, ang mga lider ng mayorya, na nagsisipangambang tuluyang maging dalawang bloke ang partido — isang maka-Magsaysay at isang maka-Recto — ay humiling sa senador na lumahok ito sa kombensiyon ng lapian upang siyang magpasiya kung sino ang opisyal na kandidato. Nguni't si Recto ay tumanggi sapagka't ayon sa kanya ay "natitiyak kong ang kombensiyon ay "lutong makaw" para kay Magsaysay."

Hanggang ngayon, si Recto ay hindi pa nagpapahayag kung tinanggap na niya ang alok ng oposisyon na maging kandidato nito. Ayon sa kanya, ang kanyang pasiya ay ipahahayag niya sa Pebrero 8, araw ng konstitusyon.

Bilang paghahanda, pinag-aaralan ng mga lider ng minorya ang isang panukala na siyang magsisilbing gabay nila kung sakaling lumahok o hindi si Recto sa kombensiyon ng Nasyonalista. Ang panukala ng mga Liberal ay ang sumusunod:

(1) Kung sakaling lumahok si Recto sa kombensiyon ng Nasyonalista at sa isang "himala" ay talunin niya si Magsaysay, at ang huli'y magpasiyang kumandidato bilang isang "rebelde", ay itataguyod nila ang kandidatura ng Pangulo; at

(2) Kung hindi lalahok si Recto sa kombensiyon, at ito'y "tatakbo" bilang "rebelde", ang buong lakas ng oposisyon ay lalagay sa likuran niya.

Kamakailan lamang, iniulat ng mga lipunang malapit kay Recto na ito'y mamumuno sa isang lapian, ang *Lapiang Makabayan,* na dating nakikilala sa ngalang *Democratic Alliance*. Hanggang sa sinusulat ito, mahigit sa dalawampung mga dating lider ng DA ang nagsipangako ng tulong nila kay Recto.

Nang mabunyag na si Recto'y mamumuno sa isang partido, ang mga lider ng mayorya ay nagpahayag na gagawin nila ang lahat ng kanilang makakaya upang huwag mabigyan ng mga inspektor-panghalalan ang bagong lapian. Ang mga inspektor-panghalalan ay kailangan ng isang partido upang mapangalagaan ang kapakanan nito sa mga presinto.

Nguni't kung mga inspektor-panghalalan lamang ang suliranin ni Recto ay madaling malulunasan kung tatanggapin niya ang alok ng oposisyon, ayon sa lipunang malapit sa kanya, sapagka't ang minorya ay may mga inspektor na. Kaya, maraming tumitiyak na tatanggapin ni Recto ang alok ng mga Liberal, sampu ng pagtataguyod ng *Lapiang Makabansa,* upang magkaroon siya ng inspektor at lumakas ang kanyang paninindigan.

Upang hindi mahati ang kanilang partido at mapangalagaan ang "katahimikan" sa loob nito, ipinahayag ni Senador Jose P. Laurel, ama, ang kanyang "pormula" na siyang makalulunas sa hidwaan ng Pangulong Magsaysay at ni Senador Recto. Ang "pormula" ni Laurel ay iurong ng dalawang lider ng Nasyonalista ang kanilang kandidatura at pumili ng ibang puno ng lapian, katulad ni Senador Gil Puyat, o dili kaya'y ng Punong Mahistrado Ricardo Paras.

Nang ilahad ni Laurel ang kanyang "pormula" kay Senador Eulogio Rodriguez, ama, pangulo ng senado at ng lapiang Nasyonalista, ay tahasang tinanggihan ng huli at sinabi na bilang pangunahing lider ng partido, ang kan-

yang tungkulin ay pangalagaan ang kapakanan nito, at ito'y nagagawa niya sa pamamagitan ng pagbaka sa mga panukala ng ibang mga lider na mapalitan ang kandidato opisyal. "Sina Pangulong Magsaysay at Pangalawang Pangulang Garcia," ani Rodriguez, "ay tiyak na mananalo sa halalan, kaya't wala akong nakikitang dahilan upang sila'y palitan."

Sa kabilang dako, si Senador Cipriano Primicias, plur lider ng mayorya, ay mahigpit na bumatikos sa "pormula" ni Laurel. Sinabi ni Primicias na ang dapat gawin ni Laurel ay ipaubaya sa kombensiyon ang pagpili sa mga kandidato opisyal ng partido, sapagka't ito ang pinaka-demokratikong paraan dahil sa ang mga delegado ay siyang mga kinatawan ng mga mamamayan. Kung hindi naman, dugtong ni Primicias, ay idinulog sana ng matandang Laurel ang kanyang panukala sa pambansang lupong tagapagpaganap ng lapian upang ito ang magpasiya.

Sa kabilang dako, ang Pangulong Magsaysay ay muling haharap sa mga mamamayan upang hingin muli ang kanilang boto. Ang Pangulo ay muling mananawagan sa mga elektor na bigyan siya uli ng pagkakataong maipagpatuloy ang kanyang palatuntunan sa pagpapaunlad ng kabuhayan ng mga taga-nayon.

Sa isang pahayag ng Pangulo, sinabi niya na sa taong kasalukuyan ay pagiibayuhin ng pamahalaan ang kilusan sa pagpapaunlad ng mga nayon, at sa katunayan ay ito ang pangunang proyekto ng gobyerno. Ang kilusang ito ay ipinagaganap ng Pangulo sa isang tanggapan sa ilalim ng kanyang pamumuno, ang Pangkat ng Pangulo sa pagpapaunlad ng mga Nayon na pinamumunuan ni Ramon P. Binamira.

Samantala, ayon sa mga balitang nabatid sa senado, sa walong senador na matatapos ang tungkulin sa taong ito, ay tatlo ang tiyak na hindi na kakandidato. Ang mga senador na matatapos ang mga tungkulin ngayon ay sina: Jose P. Laurel, ama; Gil Puyat; Francisco Delgado; Roseller T. Lim; Jose C. Zulueta; Manuel Briones; Jose Locsin; at Cipriano Primicias.



**Sen. Gil. J. Puyat Kakandidato rin kaya sa pagka-Pangulo?**

Ayon sa mga mapaniniwalaang lipunan sa senado, sina Laurel, Briones, at Locsin ay tiyak na hindi na kakandidato. Si Laurel ay binabalak na hiranging Punong Mahistrado, kapalit ni Paras, pag ang huli'y mamamahinga na. Si Briones naman, dahil sa panghihina ng katawan, ay hindi na lalahok sa politika at si Locsin ay tatanggap sa puwestong inialok sa kanya bilang embahador sa Roma.

Upang mapagbigyan ang partido Demokratiko, na pinamumunuan ni Senador Fernando Lopez, ang tatlong puwestong iiwan ng mga nabanggit na senador ay ibibigay sa kanila, ayon din sa nasabing lipunan. Ang isa sa mga tiyak na kakandidato na kagawad ng partido Demokratiko ay ang kasalukuyang kalihim ng Kagawaran sa Pangangalakal at Industriya, si Oscar Ledesma, at ang dalawa pa na kasalukuyang pinag-uusapan ng mga lider ng partidong Demokratiko na sina Kongresista José J. Roy at Alfredo Montelibano.

Mula noong matapos ang pambansang halalan nang taong 1953, ang lapiang Demokratiko ay nakiisa na sa mayorya, at ito'y pinatunayan ng isang resolusyong pinagtibay ng mga pinuno ng partido na itataguyod nila ang Pangulong Magsaysay at tutulong sila sa pamahalaan nito. Nguni't, noong buwan ng Disyembre, si Lopez ay nagpahayag na sila ay itinuturing na "mahihirap na kamag-anak" ng mga pinuno ng mayorya, at sa katunayan ay walang kagawad ng kanilang partido ang nabigyan ng mainam na tungkulin sa pamahalaan, bukod sa hindi pinansin ang kanilang kahilingan na magkaroon sila ng isang tauhan sa pambansang lupong tagapagpaganap ng mga Nasyonalista.

Dahil sa mga tuligsa ni Lopez, dugtong ng mga lipunan sa senado, ang mga lider ng mayorya ay sumasang-ayong bigyan sila ng tatlong puwesto sa talaang opisyal ng mga kandidato sa pagka-senador upang "masiyahan" ang kanilang mga "kaibigan" sa politika. Nguni't kahit na pinagtibay ng mga lider ang pagbibigay ng "puwesto" sa lapiang Demokratiko ay kinakailangang pagtibayin ng pambansang lupong tagapagpaganap ng lapiang Nasyonalista.

Ang eleksiyon sa taong ito, ayon sa mga dalubhasa sa politika, ay tiyak na magiging "mainit." Ang pagka-Pangulo ni Magsaysay at sampu ni Garcia ay natataya sapagka't si Recto ay isang kalabang hindi maaaring di pagukulan ng pansin, kahit na tanyag at maraming kabig ang Pangulo sa mga taganayon.

Bilang pagpapatunay na magiging "mainit" ang eleksiyong ito, ang "kaldero" ng politika ay nagsimulang 'kumulo" mayroon nang dalawang buwan ang nakararaan... at ngayon ay patuloy sa "pagkulo" na nakapapaso ang init. Ang pagkulong ito ay aabot sa sukdulan sa Nobyembre 9, bisperas ng pambansang halalan, at "maluluto" ang mga kinauukulan pagkatapos na maipahayag ang mga nagwagi sa eleksiyon.

**Bakahin ang Komunismo at Magtamasa ng Mapayapa at Maligayang Buhay sa Balat ng Lupa!**


**Gawing kasiya-siya ang maghapon**



**Hayaang idulot sa inyo ng Coca-Cola ang pinakamasiglang sandali**

Sa pananahi ng layag o pagtatamasa ng paboritong larong pampalakas, ang maghapon ay tila sumisigla kung kayo'y umiinom ng Coca-Cola. Walang katulad ang kasiyahang naidudulot nito sa katihan o sa karagatan. Magbalik kayong masigla sa gawain o sa paglalaro. Ngayon din ay uminom ng "pampagising" na Coca-Cola!

Continuous Quality — Drink Coca-Cola — 30th Anniversary in the Philippines 1927-1957

May Pahintulot Magsabotelya: SAN MIGUEL BREWERY

# PITAK ng PAGKAIN


## Wala Na Ang Aking Di'Pagkatunaw!



Ako'y laging umiinom ng

**PHILLIPS'**
**MILK OF MAGNESIA**

Dahil sa nagdudulot ng ganap na ginhawa kaysa laksanteng iisa ang hangarin. Ang Phillips Milk of Magnesia ay kapwa nilulunasan ang di natutunawan at pangangasim ng sikmura. 2 hanggang 4 na kutsara ng Phillips Milk of Magnesia na inumin bago matulog ay malumanay na nagkakabisa—Kaya, sa kinaumagahan, sisimulan ninyo ang araw na may kahanga-hangang pakiramdam. Laging maglaan ng Phillips Milk of Magnesia.

BANAYAD SA MGA BATA




GANAP ANG BISA SA MGA MATANDA!

**PHILLIPS'**
**MILK OF MAGNESIA**




ISANG MATIPID AT KATAKAM-TAKAM na haing nababagay sa mag-anak at mga panauhin. Ito ay ang tinatawag na "Peach N' Cottage Cheese".

Ang paghahanda nito ay nagsisimula sa paglalagay ng sinala at hinating "peaches" sa sariwang litsugas. Pagkatapos ay lagyan sa ibabaw ng kinayod na niyog na pinalamutihan ng *"red sweet" cherries*". Gumawa ng sandwitches" sa keso na ang hugis ay maaayon sa inycng nais.

Ukol sa kabagay na inumin, maghain ng sorbetes na tinimpla sa kape at "vanilla" na nakalagay sa mga tasang may magagandang dibuho. Isang manika (maaaring Santa Claus) ang maaari pa ring ipalamuti sa gitna, gaya ng nakalarawan.



HAWAIIAN BUFFET — Iyan ang taguring iniangkop sa haing katulad ngna sa itaas. Ito ay nababagay sa anim hanggang walong tao na nagtutungo sa piknik. Mapapansin ang mga gulay at prutas na tubo sa Pilipinas. Sa dulong kaliwa ay makikita ang biniyak na abukado, isa sa mga prutas na di dapat mawala sa hain sapagka't higit sa ibang bungangkahoy ay sagana sa iba't ibang bitaminang kailangan ng katawan.





• Mga larawang-kuha ng TROPICANA

Kagandahang-loob ni Choly Ulla

# MODA

*pitak ni Marissa*





# Sining Ng Kasiya-siyang Pamumuhay

ni Maria Salome Tonsay

*PAGHAHANDOG NG "BRIDAL SHOWER" SA KAIBIGAN*

Isang binibini ang lumiham sa amin at humihingi ng payo ukol sa paghahandog ng "bridal shower" sa isang dating kámag-aaral. Nais niyang malaman kung hindi lalabas na kahiya-hiya kahit na siya magkaloob ng uring ito ng salu-salo sa matalik na kaibigan at kamag-aaral na ikakasal bagama't siya ay hindi aabay.

Walang dahilan upang mangamba ang isang matalik na kaibigan sa paghahandog ng "bridal shower" sa isang ikakasal. Gayon pa man, maging maingat sana sa pagpili ng paksa (theme) para sa "shower". Kung ang inyoñg kaibigan ay buhat sa isang mayamang angkan, hindi kailangang bigyan siya ng "linen shower" sapagka't nakakamtan niya ang lahat niyang kailangan. Bukod dito, hindi makatarungan para sa mga panauhin ang asahan silang magkaloob ng mamahaling regalo sa "shower" at sa kasal. Makabubuting sumangguni muna sa nobya hinggil sa kanyang nais.

At kung lilingunin ng hahandugan ang magiging kalagayan ng kanyang mga kaibigan, isasaalang-alang niya ang mga ito kaya ang pipiliin niya ay ang lalong simple at hindi magugol na paksa para sa salu-salo.

Ang kaugaliang ito ay nagsimula sa mga bagong kasal na nagsisipagtayo ng tahanan sa mga pook na malayo sa bayan. Ang balana ay nag-aabuloy ng mga bagay na magagamit sa tahanan para sa kanilang pagsisimulang mamuhay nang sarili... gaya ng pagkain, mga inimbak na gamit, mga muwebles at damit. At ang kaugaliang ito, buhat sa pinagmulang pook ay lumaganap hanggang sa maging bahaging sosyal sa mga bayan-bayan sa hangaring matulungan ang ikakasal sa kanilang paghahanda sa pagharap sa panibagong pamumuhay.

Ang kaugaliang ito ay bihirang ginagawa sa malalaking lunsod, una, dahilan sa kakulangan ng diwang pang-magkakapitbahay ng mga taong nagsisipanirahan sa lunsod; at ikalawa, ang kaugaliang ito ay itinuturing nilang napakababa at angkop lamang sa mga "taga-probinsiya" at hindi sa mga "aristokrata".

Ang diwa ng kaugaliang ito ay maganda at malaking bagay ang nagagawa, lamang ay hindi dapat gamiting kasangkapan ng pagsasamantala. Kahit na anong laki ng karangalan at katanyagan ng isang hinahandugan, hindi dapat umasang tatanggap ng maraming pagtitipong tulad nito at tumanggap ng mamahaling mga regalo.

Kung ang nobyang hahandugan ay babaing namamasukan sa tanggapan o may katamtamang pamumuhay, ang "shower" ay isang pinakamagandang bagay na maidudulot ng kanyang mga kaibigan. Kailangan siyang patalastasan muna. Ang bawa't nobya ay masisiyahan sa isang "kitchen shower" sapagka't mahalaga sa kanilang pagsisimula ng pamumuhay ang mga kaserola at palayok. Ito ay nagbibigay din ng pagkakataon sa mga panauhing magreregalo ng pagkakataong makapamili ng halaga at ng uri ng kasangkapang kaya ng kanilang lukbutan, subali't inaakala nilang magiging mahalaga para sa pagbibigyan.

Kahit na ano ang maging uri ng "shower", ang mga regalo ay kailangan nababalot na mabuti at maganda at ipagkaloob bilang "sorpresa" sa pagbibigyan. Matapos buksan ang mga regalo at ang bawa't panauhin ay mapasalamatan sa kanilang alaala, ang pamatid-uhaw ay kailangang ihandog sa mga nagkakatipon. Ang simpleng hain, tulad ng *sandwiches* at *cakes*, ay bagay na bagay, subali't dapat itong ihain sa isang hapag na maganda ang palamuti at angkop sa uri ng salu-salo.

*PANGANGALAGA SA SARILI*

*(Kagandahang-loob ni Nena Hermosa, kasangguni sa pagpapaganda ng Fresco)*


Sa kalakip na larawan ay mapapansing ang kamay at mga daliri ay malalaki kaysa karaniwan. Para sa isang babae, ang larawang ito ay masasabing kapintasan ng may-katawan. Gayon man, ito ay hindi nagiging suliranin sa pamamagitan ng paggamit ng mga alahas.

Ang malalapad na pulseras na may mataas na tampok na bato na itinataas sa braso ang pagkakalagay ay nagbibigay ng anyong katamtaman ang laki ng bisig. Ang malalapad na singsing ay nakatutulong din sa pagkukubli ng kalakhan ng mga daliri. Maging sa paggamit ng "nail polish", ang katamtaman at hindi matitingkad na kulay ay siyang nababagay.

Ang kagaspangan ng kutis ay maaaring likha ng *acnes*, pagkasunog sa araw kung laging napagbibibilad. Maging palagian ang paglilinis ng kutis. Huwag kaliligtaan ang pag-inom ng tubig at likidong kinakailangan ng katawan sa araw-araw.

Para naman sa tuyo at namamalikaskas na binti, kinakailangang gumamit ng krema o losyon upang muling manariwa at maging malinis ang balat. Kung nais mag-anyong waring pinahiran ng toniko kahit sabon at tubig lamang ang ginagamit, gumamit muna ng langis o krema bago pahirang mabuti ng sabong pampaganda saka banlawang mabuti. Ang maligamgam na tubig ay mainam dito, nguni't hindi ang mainit na tubig.

Ang pagkapanot ay maaaring namamana. Maging bata pa o matanda na ay maaaring mapanot kung siyang kinauukulan. Subali't ito ay maaaring likha rin ng hindi wastong pagkain. Kailangang ang katawan ng tao ay magtamo ng masaganang Bitamina-A na natatagpuan sa mga gulay na dilaw, prutas, mantikilya, at itlog. Ang "Vitamin B-complex" ay mahusay sa lahat



ng bagay sa katawan, bagaman ang pinakamahalaga sa lahat ay ang pagbibigay ng kulay at buhay sa buhok. Ang bitaminang ito ay natatagpuan sa atay, apdo, sa mga buong butil, sitsaro, at mani.

Ikatlong dahilan ng pagkapanot ay ang labis na pagkapagod at pag-iisip. Higit na mainam ang buhok kapag ang tao ay nasisiyahan at masaya. Kapag labis ang pag-aalala ng tao ay madaling malugas ang buhok.

Ang paggamit ng katamtamang pomada pagkatapos maligo ay hindi nakasasama, subali't ang


NAPATUNAYAN SA PANGGAGAMOT—NA ANG...

Bre-a-col na may XYLOPOL

AY PINAKAMABILIS NA SUMUSUGPO SA UBO!

5 ulit na lalong mainam sa alinmang panlunas na inyong nagamit na.

1 Ligtas na pinupuksa ang mga mikrobyo ng sakit na nagiging sanhi ng halos lahat ng mga impeksyon sa daanan ng hininga.

2 Karakarakang nanunuot, ginagamot ang pinakamumunti at mahirap maabot ng mga "puwang" sa mga himaymay ng lalamunan.

3 May kahanga-hangang panloob na bisa na umaabot sa kailaliman, dagling pinaluluwag ang lubos na paninikip sa daanan ng hininga.

4 May bisang nagpapaginhawa (pamawi ng kirot) sa mga nanghahapding himaymay... lumulunas nang madalian!

5 Mabilis na pinaluluwag ang makapal at naninikit na plema.... mabisang nilulunasan ang mga bahaging natatakpan ng plema.


WALANG ALKOHOL NI OPIO
MASARAP PA ANG LASA!




Bre-a-col na may XYLOPOL

PARA SA UBO • NANANAKIT NA LALAMUNAN

Each fld. oz. contains Ext. of white Pine Comp., 1.102 gm.; Fluidextract of Horehound, 0.521gm., Glucose, liquid, 92.509gm.; Menthol, 0.068gm.; Salicylic Acid, 0.014gm.; Chloroform, 0.416 ml.; Oil PineTar, 0.033 ml.; Soluble Saccharin, 0.003gm.; Caramel, 1.500 ml.; Ammonium Chloride, 1.260 gm.; Honey, 4.375 ml., Oil of Eucalyptus, 0.130 ml.; XYLOPOL, Brand of Hexylresorcinol, 0.100 gm.; Distilled Water s. 100.00ml 21-1



Ito ay isang marikit na ayos ng hardin na maaaring subukin ninyo sa inyong halamanan at tiyak na hahangaan ng inyong mga panauhin.

labis na pagpapahid nito ay makasasama sa anyo ng buhok.

## Mga Suliranin ng Puso

BINIBINING MARISSA: Ako po'y isang dalagang may 24 na taong gulang na. Ako po'y natutong umibig sa isang lalaking sa simula ay inakala kong isang binata. Siya po'y mabait, magalang at matay kong wariin ay siyang uri ng lalaking hinahanap ko, kaya nahulog sa kanya ang aking loob. Nguni't hindi ko malaman kung bakit sa tuwing kami'y dadalo sa mga kasayahan ay napupuna kong siya'y laging umiiwas at hindi mapalagay kung ako ay na sa kanyang tabi. At hindi lamang iyon. Napapansin ko rin pong sa tuwing kami'y magsasayaw ay palingon-lingon siya at tila laging may hinahanap. Isa pong pinsan kong babae ang nagbalita sa akin na siya'y may-asawa at mga anak. Hindi ko po pinansin ang balita at sa halip ay itinuring kong isang paninirang-puri lamang. Nagkataon po namang isang araw ay nakasalubong ko siyang may kasabay na babae. Nang makita niya ako'y umiwas siya at hindi ako pinansin. Nguni't kamakailan lamang ay dumalaw siya sa akin at sinamantala ko ang pagkakataon upang tanungin siya, at dito ko natalos na siya nga pala ay may pananagutan na sa buhay, bagama't hindi na raw niya ako maaaring limutin at natutuhan na niya akong mahalin. Ano po kaya ang gagawin ko? Mahal na mahal ko siya at mahirap ko na yata siyang malimot. Ipagpapatuloy ko pa po ba ang pakikipagmahalan sa kanya o pilitin ko na siyang limutin? Alam ko pong mahal din niya ako kaya't atubili akong makipagkasira sa kanya. — NENE.

MAHAL KONG NENE: Lubhang mapanganib ang binabalak mo. Ano ang kinabukasan mong tatanawin kung ipagpapatuloy mong makipag-ibigan sa isang lalaking may pananagutan na sa buhay? Sa harap ng Diyos at ng tao ay isang kasalanan ang magpatuloy ka pa gayong nabatid mo na ang lahat. Ituring mong isang pagkakamaling nagbigay sa iyo ng aral ang lahat ng nangyari. Alalahanin mong may maganda ka pang kinabukasan, bata ka pa. Balang araw ay darating sa buhay mo ang lalaking maaari mong maipagmalaki at maaangkin mong kahati sa buhay. Kahit na kayo nagmamahalan ay walang ibubunga ang pagpapalagayan ninyong ito. May pamilya siyang pinanana gutan sa harap ng Diyos at ng lipunan. At kung dumating pa sa sukdulan ang inyong pagpalagayan, lalong mahirap na mabilad pa ang gayon pagka't tatawanan ka at lilibakin ng lipunang iyong ginagalawan. Kaya ang payo ko sa iyo ay putulin mo na hangga't maaga ang pakikipagmahalan sa kanya. —*Marissa.*



# Nagbabalik ang mga Pangarap

ni CESAR MANDIGMA



**Kapag Ang Isang Tao'y Nagdanas Na Ng Mga Kasawian Sa Buhay Ay Natututong Bumalik Sa Nilisang Mapagkandiling Daigdig**

PARA kay Idad, ang sukat ng kaligayahan ay maliit lamang —sapat na si Lauro, ang mga puting buhangin sa dalampasigan ng kanyang bayang sinilangan, ang bughaw na karagatan, at isang munting tahanan sa lilim ng mga punong-niyog. Ang kapaligirang bumabalot sa lahat nang kanyang pangarapin sa buhay ay binubuo ng bughaw na tubig ng Look ng Lamon, ng mga punong-niyog sa baybayin ng Mauban na ang mga lunting dahong nakapatingkad sa dakong nilulubugan ng araw ay malimit nilang tanaw-tanawin ni Lauro.

Magkatipan sina Lauro at Idad. Panahon na lamang ang kanilang hinihintay upang maisakatuparan ang kanilang pagharap sa dambana. Si Lauro ay kapatas ng mga estibador na nagkakarga ng kopra. Sapagka't wala nang magulang ni kapatid si Lauro, si Idad na ang nag-aasikaso sa mga pangangailangan ng katipan. Kung ang pangkat ng mga estibador na pinamumunuan ni Lauro ay may gawain sa laot, si Idad ang nagdadala rito ng pagkain.

Nang hapong yaong ang pangkat ni Lauro ay pabalik na sa dalampasigan ng Mauban, sila ni Idad ay magkapiling sa pagkakaupo sa gawing unahan ng lantsang humihila sa mga gibarang pinaglulunan ng mga sako ng koprang inihatid sa bapor na nakadaong sa laot. Nguni't kaiba sa rati, ngayon ay malungkot si Idad.

—Alam kong magdaramdam ka, —wika ni Lauro, —nguni't kailangan kong lumisan...

Napabuntunghininga si Idad. Tumututol ang kanyang puso. Nguni't walang pangungusap na mamulas sa kanyang mga labi. Ang mga salitang nabubuo sa kanyang isipan ay nilulunod ng matinding hinanakit na nakukuyom sa kanyang dibdib.

—Kahit di mo sang-ayunan, Idad... alam kong walang makapipigil sa aking pagtatagumpay...

Kumurap-kurap si Idad. Sa isang panig ng baybaying unti-unting lumalaki sa pangmalas habang nalalapit ang lantsang kanilang kinalulunanan ay nakikita niya ang isang munting gulod na natatamnan ng ilang punong-niyog. Ang gulod na iyon ay bahagi ng kapirasong lupang minana ni Lauro sa namatay nang mga magulang. Kung mga ganitong sandali, ang gulod na iyon ay malimit ituro sa kanya ni Lauro.

—Diyan natin itatayo ang ating tahanan, sa lilim ng mga punong-niyog... —malimit sabihin sa kanya ni Lauro. —Mula roo'y tanaw natin ang kabayanan... at ang dagat...

Noon, tuwing mga ganitong sandali, hindi nalilimutan ni Lauro na idako ang tingin sa gulod na iyon. At para kay Idad, ang gulod na iyon ay naging sagisag na ng katipunan ng lahat nang kaligayahang umiinog sa kanilang buhay ni Lauro.

Nguni't nitong huli'y tila nakalimutan na ni Lauro ang tungkol sa gulod at sa kanilang mumunting pangarap. Kasabay ng paglaki ng mga pangarap ni Lauro, ang paningin niya'y natutong dumako sa kabila pa roon ng gulod. Wari'y nalimutan na niya ang lahat nang magagandang bagay na sinasagisag niyon.

Dati'y nasisiyahan na si Lauro sa pangkaraniwang takbo ng buhay sa kanilang dalampasigan. Wala siyang matatayog na pangarap, di tulad ngayon.

—Sandaling panahon na lamang... —malimit sabihin ni Lauro kay Idad. —Mga ilang pagdaong na lamang ng bapor ang ating hihintayin... magkakaroon na tayo ng sapat na pagpapanimulan...

Nguni't mula nang dumating sa kanilang bayan ang isang taga-Maynilang mahilig sa palakasan at makita nito ang magandang pangangatawan ni Lauro at masaksihan ang pambihirang lakas nitong sumupil sa dalawang mararahas na lalaking nagtulong sa binata minsang ito'y mapalaban ng away, ang takbo ng kanilang buhay ay nagsimulang magkaroon ng pagbabago.

Ang taga-Maynila ring yaon ang naging masigasig upang ang larong boksing ay makagiliwan ng mga tao sa Mauban. Sinanay niya si Lauro hanggang sa ito'y panganinuhan ng iba pang nagsisipaglaro sa ring. Kasabay ng pagkabantog ni Lauro, na nagwagi sa pamamagitan ng K.O. at T.K.O. sa lahat ng

(Buklatin sa pahina 17)

# Bola ng Ping-pong

ni Mario Nieves



**Dahil sa isang bola ng pingpong ay lalong nagtining ang paghihinala niya sa asawa, hanggang sa isang araw, ay...**

NABUHOS sa kabibihis na *polo shirt* ni *Mr.* Buen ang iniinom na kape. Hindi siya nakakibo nang maramdaman niya ang malakas na bagsak ng kamay ni *Mrs.* Buen sa kanyang balikat. Hindi siya lumingon man lamang. Alam niyang hindi siya makasasabad kung sasagutin niya ang kanyang maybahay.

Kung ganoong umaga'y hindi nauubusan ng sasabihin si *Mrs.* Buen. Kilalang-kilala ni *Mr.* Buen ang asawa. Hindi iyon tumitigil sa pagsasalita hanggang hindi nakaaalis ang tinutuligsa patungo sa kanyang tanggapan

Mahinay na pinunasan ni *Mr.* Buen ang nabusan ng kape. Ipamumulsa sana niya ang ipinamunas na panyo kung di niya natingnan iyon. Basang-basa ang panyo. Maingat na inilagay niya iyon sa mesa at umanyong tatayo. Kinakabahan siya.

Babahagya pa lamang siyang nakaaangat sa inuupuan ay may naramdaman siyang bumagsak sa isa namang balikat. Muli siya napaupo. Inaalaala na niya ang pag-aapuhap ng mga itutugon. Marahan siyang bumaling kay *Mrs.* Buen.

—Sinabi ko na! —Nakapamaywang si *Mrs.* Buen. —Kaya pala gabi ka nang umuwi...

Hindi nagkabula ang hinala ni *Mr.* Buen. May isusumbat na naman ang asawa niya: —Pero, iha, talagang may *over-time* kami. Itanong mo pa sa mga bata ko.

—Mga bata mo! —bulalas ni *Mrs.* Buen. Naalis sa pagkakapatong sa balikat ni *Mr.* Buen ang kanyang mga kamay.

—Este, mga bata ko sa upisina.... sina Dencio, Ramon... —Maagap sa pagsagot si *Mr.* Buen. Sumulyap siya sa orasan. Mag-iikawalo na. —Mahuhuli na ako. Diyan ka na, iha.

Napigil na muli ang tangkang pagtayo ni *Mr.* Buen.

—Dumaan ka kina Charing, ano?

—Sinong... — Nag-isip si *Mr.* Buen. Pagkuwa'y biglang nagtawa. Hinatak ni *Mrs.* Buen ang kuwelyo ng kanyang *polo shirt.*

—Kumain kayo sa isang restawran, ano? —Manawa-nawang maiiyak sa galit na usal ni *Mrs.* Buen. Biniltiwan niya ang hawak na kuwelyo.

—Aba, bakit ko...

—Kaya ka pala salita nang salita sa pagtulog... 'Charing, Charing' daw.

—Ang ibig mong sabihin ... —Natawang muli si *Mr.* Buen.

—Kahit na panaginip lamang, alam kong tutoo. —Hinatak ni *Mrs.* Buen ang isang silya at pabagsak na naupo. Inalisan niya ng takip ang tason ng sinangag at naglagay nang kaunti sa kanyang pinggan. Tumingin siyang muli kay *Mr.* Buen. Pagkaraa'y muling ibinalik ang kinuhang pagkain. Sumimangot at hindi na kumibo.

Kinabahan si *Mr.* Buen. Nalalampasan niya ang mga pagsigaw ni *Mrs.* Buen nguni't pag tumahimik iyo'y natatakot na siya. Marahan siyang tumindig. Hinawakan niya sa balikat ang maybahay. Sa isang kamay ay hawak niya ang isang bola ng ping-pong.

—Aaminin ko na sa iyo, —simula ni *Mr.* Buen habang pinatatalbog ang bola ng ping-pong sa hapag-kainan, —na nagdaan nga ako kina Charing kagabi.

—'Kita mo na! —Biglang pagsambot ni *Mrs.* Buen. Napahagis ang bolang hawak ni *Mr.* Buen.

—Pero bumili lamang ako ng dalawang bola ng ping... —Hindi pa natatapos ang ibang sasabihin ni *Mr.* Buen ay padabog nang umalis ang kanyang maybahay.

Natumba ang inupuang silya ni *Mrs.* Buen. Nabagsakan ang nahulog na bola. Nakuping iyon at gumulong sa dakong pinuntahan niya. Nakatayo na siya sa may pintuan ng komedor, at hindi kumikibo.

Walang maisip gawin si *Mr.* Buen. Pag gayong tumahimik ang maybahay niya'y may binabalak iyong gawin. Parang nakikita niya ang mangyayari sa kanyang tanggapan. Hindi siya mapapanuto sa gawain pag nagunita niya si *Mrs.* Buen. Marahan siyang lumabas ng komedor at pinalitan ang suot na *polo shirt.* Pagkaraa'y dahan-dahan nguni't mabibilis ang mga hakbang na nanaog.

Naiwang nakatitig si *Mrs.* Buen sa nakuping na bola. Habang minamasdan niya iyo'y nalalarawan sa kanya ang mukha ni Charing.... maamo at laging nakangiti. Lalong nag-ibayo ang galit niya sa asawa.

—Makikita niya mamaya, —may pagbabantang usal ni *Mrs.* Buen habang pinupulot ang kuping na bola ng ping-pong. — Hindi na ako papaltos.

MAAGANG pumanaog si *Mrs.* Buen nang hapong yaon. Di tulad ng dati kung sinusundo niya si *Mr.* Buen upang manood ng sine, wala pa sa oras ng paglabas sa tanggapan nang bumaba siya ng bahay. Yari na ang kanyang balak na panunubok. Kakasangkapanin niya ang kuping na bola ng ping-pong na noo'y nakasilid na sa kanyang *handbag.*

Sa pinapasukan muna ni *Mr.* Buen siya nagtuloy. Na sa ikalawang palapag ang tanggapan niyon kaya ingat na ingat siya sa pag-akyat. Ayaw niyang may makakita sa kanya. Hindi niya balak pasilay kay *Mr.* Buen.

Sa kanugnog na silid huminto si *Mrs.* Buen. Pasilip siyang tumanaw sa tanggapan ng asawa. Wala si *Mr.* Buen. Maging ang kalihim ay wala sa puwesto niyon. Ang *clerk* lamang ang na sa tanggapan. May nabuong hinala sa isip ni *Mrs.* Buen. Maganda ang kalihim ng kanyang asawa.

Lumapit siya kapagdaka sa *clerk.* Walang malamang gawin ang kawani nang makita si *Mrs.* Buen.

—Nasaan ang "boss" mo... at si *Miss* Flores? —salubong ng bagong dating.

Hindi nakaimik ang *clerk.* Kabisado niya si *Mrs.* Buen. May kahulugan ang tanong niyon. Sandali lamang ang pagkakatingin niya sa dumating. Nagbawi siya ng tanaw at yuko ang ulong nagsulat. Paminsan-minsan siyang sumusulyap sa nakahanay na mga talaan sa kanyang mesa na pinasasagian niya ng tanaw kay *Mrs.* Buen.

Nakapamaywang na si *Mrs.* Buen sa pagkakasandal sa pintuan ng tanggapan. Sinusuri ng mga tingin niya ang bawa't kilos ng *clerk.* Hindi siya gaanong nanibago sa pagwawalang-kibo niyon. Subali't batid niyang katig iyon sa kanyang asawa.

Tumikhim si *Mrs.* Buen. Ibang pamamaraan ang gagawin niyang pagtatanong. Nagtaas ng ulo ang *clerk.* Nagtama ang mga mata nila.

—Tinanghali ng pasok ang "boss" mo kanginang umaga, ano? —Namumungay ang mga mata ni *Mrs.* Buen habang nagsasalita.

Hindi nakapag-alis ng tingin ang *clerk.* Sa mga mata ng kaharap ay waring naaninag niya ang sanhi ng pagkabalisa ni *Mr.* Buen sa mga sandaling ipinamalagi niyon sa tanggapan.

—Oho, —marahan niyang tugon makaraan ang ilang saglit na pagdidilidili. Kasabay niyon ay nagbawi siya ng tingin.

—E, saan naman siya nagpunta? Kasama ba si *Miss* Flores? —Mahinay nguni't maagap ang pagtatanong ni *Mrs.* Buen pagkarinig sa tugon ng kausap.

Tuluyan nang kinabahan ang *clerk.* Wala na sa isip niya ang isinusulat. Nagtatalo ang pasiya niya sa itutugon. Kung sasabihin niya ang pinuntahan ni *Mr.* Buen ay malamang na mabibitin ang inaasahan niyang omento sa sahuran. Kung idadahilan naman niyang nagpunta iyon sa

(Buklatin sa pah. 15)

# Ngumingiti ang Ligaya

ni Ricardo L. Reynante



SA PAGHAPLOS ni Aling Nena sa noo ng anak niyang si Lita na nakaratay sa banig ng karamdaman ay natulo ang kanyang luha. Lalong tumindi ang kanyang paghihinagpis nang tapunan ng tingin ang kanyang tatlong anak na nangasa tabi ng bintana at pawang larawan ng pananabik sa paghihintay sa amang nangakong maguuwi ng mga laruan. Sapat na iyon upang ang pusong ina ni Aling Nena ay makadama ng kirot. Nahahabag siya sa kanyang mga anak na nagsisiasang may uwi ngang laruan ang kanilang ama. Alam niyang wala, walang iuuwi si Mang Delfin!

Isang buwan na ngayong walang trabaho si Mang Delfin sapagka't napasama sa aklasan sa kanilang pinagtatrabahuhan. Ang gayo'y ipinaglihim ni Mang Delfin sa kanyang mga anak pagka't ayaw niyang madulutan ng kalungkutan ang kanilang mga supling, lalung-lalo na si Lita, na siyang pinakamatanda sa magkakapatid at nakauunawa na ng buhay.

Napukaw ang pagdidili-dili ni Aling Nena nang maulinigan niyang nagtatalo ang kanyang mga anak na na sa tabi ng bintana.

—Basta't akin ang bola, —giit ni Lita na siyang bunso sa magkakapatid.

—Pero ano ang kay Dodo? —tanong ni Rod. —Hindi ba't sa iyo ang baril-barilan?

Napatindig si Aling Nena nang makita niyang anyong iiyak si Lito.

Magtigil na kayo sa inyong pagtatalo, —gumagaralgal ang tinig ni Aling Nena. —Ako na ang bahalang magbigay sa inyo ng laruan. Hala, magsikain na kayo sa labas, at matulog nang maaga.

—Ayaw namin, inay. Wala namang kalasa-lasa ang ating ulam, e! —ani Rod.

—Puro pangat na dilis, —dugtong ng musmos na si Lito.

Ibig nang mapaiyak ni Aling Nena nang mga sandaling iyon. Lihim niyang nakagat ang kanyang labi.

—At saka, wala na tayo ngayong pang-ulam sa tinapay, —sabi naman ni Dodo. —Bakit, 'nay? At bakit pirming gabi na ngayon ang uwi ng tatay?

Hindi malaman ni Aling Nena kung ano ang kanyang itutugon sa mga anak na walang kamalay-malay sa takbo ng kanilang buhay. Sa mga sandaling iyo'y gusto niyang sisihin si Mang Delfin kung bakit pa nila ipinagkakaila ang pagkakaalis nito sa trabaho. —Mga anak, magsikain na kayo roon sa labas kahit kaunti at matulog na kayo pagkatapos, —ang nawika na lamang ni aling Nena.

Nagsitalima ang tatlo. Nakita ni Aling Nena na ilang subo lamang ang nakain ni Rod at nagtungo na sa kanyang higaan. Gayon din ang dalawa.

Malungkot na napahimutok si Aling Nena. Dahandahan niyang pinahid ang kanyang luha nang makita niyang tahimik nang nangakahiga ang kanyang mga anak. Isinara niya ang isang dahon ng kanilang bintana upang hindi gaanong makapasok ang malamig na simoy ng hangin. Pagkatapos ay umupo siya sa tabi ng bintana. Saglit na nilanghap niya ang sarap ng simoy ng hangin. Ngayon niya lubusang naunawa na magpapasko na nga pala. Saglit na nakaramdam si Aling Nena ng bahagyang kaligayahan. Subali't pansumandali lamang at muli siyang namanglaw. Naisip niyang tanging tahanan lamang nila ang walang gayak at mandi'y hindi na makikihati sa pagdiriwang sa Pasko. Dalawampung araw na lamang ang nalalabi at Pasko na.

—Diyos ko... paligayahin nawa Ninyo kaming maganak sa pagdating ng kaarawan ng Inyong pagsilang, —ang taimtim na nausal ni Aling Nenang nanatak ang luha sa nanlalalim na mga mata. At isang malalim na buntung-hininga ang pinawalan buhat sa nagsisikip niyang dibdib. Pagkatapos ay muling tumanaw si Aling Nena sa eskinitang malimit pagdaanan ni Mang Delfin.

Ilang sandali pa'y namataan ni Aling Nena ang kanyang asawa na bumubungad sa kanto ng eskinita. Nakatungo si Mang Delfin habang nakadukot sa bulsa ang kaliwang kamay, tanda na bigo na naman sa paghahanap ng pansamantalang gawain. Tumindig si Aling Nena nang makitang malapit na ang asawa sa kanilang hagdanan.

—Ginabi ka ngayon, a, —salubong ni Aling Nena sa asawa na hindi nagpapahalatang siya'y nagdaramdam ding katulad ni Mang Delfin.

Hindi kumibo si Mang Delfin. Ayaw niyang sabihin sa asawa na naglalakad lamang siya upang ang beinte sentimos na inilalaan niyang pamasahe ay maipambaon na ng kanyang anak sa pagpasok. Matapos mahubad ni Mang Delfin ang kanyang pudpod na sapatos ay pangalumbabang ipinako ang tingin sa kalawakan ng papawirin na para bang doon inihahanap ng kalutasan ang kanyang suliranin.

—Kumain ka muna, Delfin, —pukaw ni Aling Nena.

—Tapos na ako. Pinakain ako ng isa kong kasamahan, —ang matamlay na tugon ni Mang Delfin at pinahid ng kamay ang pawis sa mukha. —Kumusta ang ating mga anak?

—Mabuti, Delfin, nguni't naaawa lamang ako sa kanila..... halos ayaw na nilang kumain, dahilan sa ulam natin....

Tiim-bagang na napatungo si Mang Delfin. —Magkano na ba lamang ang natitira sa iyong pera? — Pagkuwa'y naitanong ni Mang Delfin.

—Sa-sais singkuwenta na lamang... at kanina nga ay inutang ko muna ang pangulam natin kay Aling Marya.

Mulig napatiim-bagang si Mang Delfn. Ang puso niyang dati'y sing-tibay ng bakal ay biglang dumupok sa sinabing iyon ni Aling Nena. Sa-sais singkuwenta na lamang ang natitira sa pera nilang naiimpok. Saan makaaabot ang halagang iyon? Magpapasko na at kinakailangan niyang maibili ng magarang damit ang kanyang mga anak, pagka't ayaw niyang makitang huli ang kanyang sina Lita, Rod, Dodo at Lito sa ibang mga bata na kanilang mga kapit-bahay.

Matamang pinagmasdan ni Aling Nena ang asawa. Nabasa niya sa mukha ni Mang Delfin ang matinding alalahanin; ang naghihirap na kalooban nito na ipinahihiwatig ng paminsanminsang pagkagat sa labi habang nakakuyom ang mga palad.

—Delfin, —ang naipukaw ni Aling Nena sa asawa, —hanggang ngayon ba'y di pa nalulutas ang usapin sa inyong pag-aaklas?

Nagtaas ng ulo si Mang Delfin. —Iyan pa nga ang inaalaala ko, —ang matamlay na tugon. —Napag-alaman kanina na wasto at ganap ang ipinasasahod sa amin ng kompanya, at inaakala kong maaaring matalo kami. —Nagpupuyos ang damdamin ni Mang Delfin at sinisisi ang kanyang sarili kung bakit hindi niya tinigasan sa harap ni Marcos-Balisong na siya'y di sasama sa aklasang iyon.

Alam ng kanilang kompanya na hindi niya gusto ang aklasang iyon. Sa katotohana'y bago pa lamang binabalangkas ng kanilang mga kasama ang aklasang iyon ay unang-una na siyang tumutol. Alam niyang ang pasahod na ibinibigay sa kanila ng kompanya ay naaayon sa ipinapasok na kuwarta. Kaya't nang magsimula ang aklasan ay kitang-kita pa ng kanilang "manager" ang ginawang pagkaladkad sa kanya ni Marcos-Balisong. Pinagbantaan siyang kung hindi sasama sa aklasang iyon ay

**Ang kaligayahan ay sadyang maamo sa mga taong malilinis ang budhi at natatakot gumawa ng ano mang pagkakasala**



# DAMBANA at Pangako

nina MARTIN P. PANTALEON at GREGORIO R. FLORENCIO

**Katumbalikan ng inaasahan ni Chit, lalong "napalapit" kay Aida ang puso ni Eddie dahil sa kanyang ginawa**

NAKATITIG sa mukha ni Eddie, marahang kinunabàbaghang binata ang na babaghang binata ang lata ng tumatapon nang gatas.

—Ikinalulungkot ko, Eddie, —aniya na sa tinig ay nakalangkap ang pagkahabag sa kaharap. — Ewan ko kung nasugatan ko ang iyong damdamin, nguni't ang natitiyak ko'y tungkulin kong sabihin sa iyo ang lahat... Ikinalulungkot ko, Eddie... Ikinalulungkot ko...

Saka pa lamang tila namalayan ni Eddie ang kapaligiran niya, ang gatas na umapaw sa tasa. . ang pag-agos nito sa mesa. Bumaling sa isang tagapagsilbing nakamata sa kanila, tinawag at pinagsabihang linisin ang tumapong gatas. Dali-dali namang tumalima ang tagapaglingkod.

—Ikinalulungkot ko, Eddie, —muling naibasag ni Chit sa katahimikang namagitan sa kanila.

Si Eddie ay ilang ulit na humigop ng kape.

—Wala kang dapat ihingi ng paumanhin, Chit, —anito pagkatapos. — Wala kang dapat ikalungkot...

—Hindi ka nagdaramdam... sa akin, Eddie?

—Nagpapasalamat pa ako. Napatunayan kong hindi ako nabigo sa hangarin kong maging matalik tayong magkaibigan.

At muling dinala ni Eddie ang tasa ng kape sa kanyang mga labi.

Bagaman muling naantig ang puso ni Chit sa pagkarinig sa pagbigkas ni Eddie sa salitang *kaibigan*, ay may kagalakang sumuno sa kanyang dibdib. Nagbigay-luwalhati sa puso niyang nagtatangi kay Eddie ang pagkakasambit nito ng p a s a s a l a m a t. Ang gayon ay naipakahulugan ni Chit na katunayang siya ay hindi pinaghinalaan ni Eddie nang masama sa pagkakapagtapat niya sa binata ng bagay na yaon; na ito'y nananalig sa kanyang katapatan; na siya, sa mga sandaling yaon ay pinapanigan ni Eddie at pagkaraan ng pagkakataong yaon, ay maaari na siyang makaasang mailalayo niya si Eddie kay Aida...

—Sa sinabi mong iyan sa akin ay parang hindi ko malaman ang maitutumbas ko. Napakalaking bagay para sa akin ang sinabi mo, Chit.

—Ang ginawa ko'y pagganti lamang...

—Labis-labis, y a o n, Chit. Saka, wala ka namang dapat gantihin, a.

—Marami.

—Ewan ko.

Si Chit ay napangiti. Wala na sa ngiting yaon ang di-kapanatagan, ang tila pangingimi at ang pagaalinlangan. Napangiti rin si Eddie, saka muling lumagok ng kanyang kape.

Si Chit ay lumagok din sa basong pinaglalaruan ng kanyang mga daliri. Pamaya-maya'y si Eddie ang unang nangusap...

—Parang binuksan mo sa akin ang pinto ng langit, Chit.

—Sa paanong paraan, at bakit?

—Ngayo'y may katiyakan na ang paghakbang ko sa landas na tatahakin ko...

Kinabahan si Chit at nakadama siya ng pagkatakot sa biglang pagbabago ng himig ng pananalita ni Eddie.

—Landas, Eddie? —patanong na nasambit niya.

—Oo, landas.

—Landas sa... sa-saan?

—Patungo sa langit. — At si Eddie ay natawa.

Nguni't hindi nagbago ang anyo ng mukha ni Chit.

—I-ibig mong sabihi'y magpapatuloy ka sa kanya, Eddie? —Basag ang may bahid ng pagtatakang tinig ni Chit.

—Nagtataka ka? *Do you deem it not advisable*, Chit?

—Ha, e... ewan ko, Eddie.

Minsan pang narinig ni Chit na natawa si Eddie, ng tawang nakatitiyak.

—Alam mo, Chit, ngayong masabi mo sa akin 'yan ay nakadama ako ng malaking pag-asa.

—Bakit?

—Higit sa iyo ay alam ni Aida na siya'y may kasintahan na... Este, teka nga muna... —Lumapit pa si Eddie nang bahagya kay Chit bago paanas na nagpatuloy. —*I know this is personal, but I can't help asking you*... Kilala ko ba o nakita ko na *siya?*

—Sinong *siya?*

—Ang kasintahan ni Aida...

—Ha, e... Na sa *States*, Eddie. *He's getting a master's degree in medicine*...

—Aha... *that's enough* ... —Lalong sumigla ang pagsasalita ni Eddie. — Alam mo ba ang naiisip ko ngayon?

—Ano iyon, Eddie?

—*In behalf of our friendship*, sasabihin ko sa iyo... sa iyo lamang. ...Ewan ko kung tama ako, pero... *on psychological point of view*... masasabi kong hindi iniibig ni Aida ang lalaking yaon.

Ang pagtataka'y parang dagok na nadama ni Chit.

—Bakit mo nasabi iyan, Eddie? Hindi yata ako makapaniniwala...

—Bakit?

—Kay-tagal nilang nagibigan, Eddie. Matagal. Matagal na naging mabuti ang pagtitinginan nila. *It's more than two years*.

—Kahit na...

—Bakit, ano ang pinagbabatayan mo?

—Matagal ko nang inuunawa ang mga ikinikilos ni Aida. At marahil, kung talagang siya'y hindi marunong m a g k u n w a r i upang manlinlang, ikaw man ay magsasabing may paglingin siya sa akin.

—Nahahalata ko nga sa mga kilos niya...

—*That's one point*, Chit. Ngayon, kung iniibig niya ang lalaking yaon, dapat ay siya ang nagtapat sa akin ng katotohanang iyan pagka't alam na niya ang pakay ko sa kanya... At hindi ikaw... Dapat ay pinaunahan niya ako na dapat na akong tumigil. Patitigilin niya ako, Chit.

—Ibig mo bang sabihi'y alam na ni Aida na siya'y iyong...

—Oo, Chit... kahit hindi ako nagpupunta sa kanila ay lumiliham naman ako sa kanya, marami na akong naipadala sa kanya.

Sa narinig na yaon ay nadama ni Chit na naninibulos na siya sa kuru-kuro ni Eddie na si Aida'y may pag-ibig dito. Nang hindi pa niya naipagtatapat kay Eddie ang katotohanan ay hindi niya nababatid na si Eddie ay nakapagtapat na sa dalaga, hindi pa siya nakatitiyak na may namamagitan na nga sa dalawa. At nakadama siya ng paghihinanakit kay Aida. Naghihinanakit siya bilang isang kaibigan ni Aida. — May usapan sila ni Aida na magiging matapat sa isa't isa ang sinuman sa kanila hinggil sa suliraning yaon.

—Hindi ka makapaniwa-

(*Buklatin sa pahina* 19)

ANG NOBELANG ITO AY KASALUKUYANG ISINASADULA ARAW-ARAW MALIBAN KUNG LINGGO SA HIMPILANG D Z M Y (830 Sa Pihitan ng Radyo) MULA SA IKA-11:30 HANGGANG IKA-11:45 NG UMAGA.

# ITO ANG ISTORYA . . .

ni YOYONG FLORENTINO

IYANG mang-angkin ng hindi atin ay talaga namang masama. Masama na sa talagang may-ari pagka't inaagawan o parang ninanakawan natin ito, ay masama pa rin sa atin pagka't sa bandang huli'y tayo ang lumalabas na kahiya-hiya. Gaya na lang nitong nangyari sa mag-aanak ni Aling Taking, akalain n'yong sa halagang diyes sentimos ay naparatangan silang lahat na magnanakaw. Pano, nang-angkin sina Aling Taking ng hindi kanila. Ito ang istorya...

*AKIN 'YAN!... AKIN 'YAN!*

Nang makaalis ang mga kalaro ni Pedok na anak na bunso ni Aling Taking ay nakaisip itong humingi ng singko sa kanyang Mommy. (Ayaw hung patatawag si Aling Taking sa kanyang mga anak kundi Mommy.) Hinihingutuhan noon ni Aling Taking ang panganay niyang si Rosita.

—Singko na naman. Kailan ba lamang kita binigyan ng singko? —singhal ni Aling Taking sa anak.

—No'ng Pasko! —sagot ni Pedok. —Sabi n'yo, bibigyan n'yo 'ko sa Bagong Taon. Lagpas na 'ata'ng Bagong Taon, e...

—Hindi pa, loko. Enero pa lang ngayon. Bagong Taon pa lang, a!

—E, di bigyan n'yo na 'ko, —naisagot ni Pedok. —Hindi ba sabi n'yo, Bagong Taon na ngayon.

Hindi nakakibo si Aling Taking. Sa palagay niya ay *nasingitan* siya ng anak. —Bakit ko ba nasabing bagong taon ngayon, —naisisi pa niya sa sarili.

—Sige na, Mommy. Bibili lang ako ng tinapay kay Islaw.

—'Ku, bigyan n'yo na nga 'yan, Mommy, —sabad ni Rosita. —Baka maluma na naman 'yung mga tinapay ni Islaw nang hindi pa natitikman ng Pedok na 'yan.

—Wala akong pera ngayon, Pedok, —may himig pananakot na sabi ni Aling Taking.

Napangiwi si Pedok. (Para na ninyong nakita ang mga maskara sa *Mandrake.*) —Sabi n'yo sa Bagong Taon. Ngayong Bagong Taon na, wala naman kayong pera. —At nag-iyak-iyakan na ang diyaski.

—'Ku, bigyan n'yo na, Mommy. Nawawala tuloy ang antok ko sa iyak n'yan. 'Kala mo indiyan kung makaiyak. Ang lakas-lakas, wala namang luha. —Inambaan pa ni Rosita ng dunggol ang nag-iiyak-iyakang si Pedok.

Ang ginawa naman ni Pedok ay pinandilatan si Rosita.

—'Ba, 'ba, at tingnan mo 'to, Mommy, o! Tila lalaban pa... o, 'eto'ng sa 'yo... —Isang pinong kurot ang pinadapo ni Rosita sa pigi ni Pedok.

Lalong lumakas ang pag-iiyak-iyakan ni Pedok. Si Aling Taking naman ang nandilat kay Pedok. —Tumigil ka, tumigil ka... huwag mo 'kong surahin, bata ka! —muli niyang singhal.

—Ku, kung binibigyan n'yo na ba 'yan, e... di natatahimik tayo. Hindi naman titigil 'yan, a. Hmmm, 'itsura lang, o... Daig pa'ng guya.

—Guya ka rin! —ganti ni Pedok.

Isang kurot pa ang itinugis ni Rosita sa kapatid.

Nakailag si Pedok. Pausad na lumayo at... —Guya... guya! Ang kuto, ang dami! Kutong-kalabaw pa.

—Tingnan mo, Mommy, sawayin n'yo nga 'yan!

—Pedok... Pedok... Hindi ka ba titigil? — Nagmistulang *flashlight* ang mga mata ni Aling Taking.

Nguni't hindi nasindak si Pedok. Nakipagtitigan siya sa kanyang Mommy. —Ba't ayaw n'yong magbigay ng singko?

—'Ba, ang ugok na ito, a! Baka... Bakit, may pautang ka ba sa akin? — Tumayo si Aling Taking at sinugod ng tampal sa pigi si Pedok.

Lalong sumama ang pagkakangiwi ni Pedok. Nang makaupo si Aling Taking ay palihim na nginiwian ang ina.

—'Ayan, Mommy, o, nginiwian kayo! —pagsusumbong ni Rosita.

Muling nagtindig si Aling Taking. Hinubad ang tsinelas at binirahan ang hindi nakatakbong si Pedok. Lumagapak ang pigi ng Pedok.

—Sinabi na'ng magtigil... magtigil na... o!

Totohanan na ang ginawang pag-iyak ni Pedok. Nagngunguyngoy na tinungo ang hagdan at pumasok sa kanilang silong. Sa pinaglaruan nila ng nagsialis na mga kalaro niya kanina.

—'Buti nga! —pahabol pa ni Rosita.

—Tama na! —saway naman ni Aling Taking at ipinagpatuloy ang paghihinguto sa anak na dalaga.

—Kasi, hindi n'yo pa binigyan, e... Nakakaawa naman, —nasabi ni Rosita kapagkuwan.

—'Ba, at hindi ka ba naniniwalang wala akong kapera-pera?

—Hindi ba kahapon lang, e, me dadalawahin kayo?

—E, dadalawahin pa ba 'yon kaninang umaga?

—Palagay nang piso na lang. Hindi pa n'yo pasuklian...

—Ang piso ba kaninang umaga'y piso pa hanggang ngayon, sa akala mo?

—Palagay nang singkuwenta na lang, Mommy...

—Wala na rin ang singkuwenta... Itinaya ko sa huweteng. Pero tiyak na talo na... Alas dos na'y wala pa si Misyong. Kung may tama tayo'y narito na 'yon kanina pang magaalauna...

Si Rosita'y hindi na kumibo. Nagpatuloy naman sa paghihinguto sa kanya si Aling Taking. Walang anu-ano'y narinig nila ang boses ni Pedok mula sa silong. At nakita nilang humahangos iyong pumanhik. Hindi na umiiyak.

—Beee... nakapulot akong singko... 'ba, diyes pala.... Beee! —pagmamagaling ni Pedok habang ipinagwawaswasan kina Aling Taking at Rosita ang hawak na bagung-bagong diyes na papel.

—Sa'n mo nakuha 'yan? —tanong ni Aling Taking.

—Sa silong... beee!

—'Ba, Mommy, sa akin 'yon, a... —ani Rosita sabay sunggab sa diyes na hawak ni Pedok. Nailag ni Pedok ang diyes. Nilukot iyon at ipinamulsa. —Anong iyo? Hindi ka naman nagkakapera, a!

—'Ba, Mommy, o... Hindi ba't... Ang tagal ko nang itinatago 'yan, a! Nanghihinayang nga akong gastahin 'yan, dahil bagung-bago, e... Bakit ba napunta sa silong 'yan?

—Hindi sa 'yo 'to!... Wala naman akong nakikita sa 'yong bagong pera, e! Saka hindi ka naman nagkakapera, a! Humihingi ka lang sa Mommy, e... —ani Pedok at nanaog na muli.

Lingid sa kaalaman ni Rosita ay kanina pa pala binibisita ni Aling Taking ang kanyang kalupi. — Hoy, hoy... Pedok... halika nga, halika nga! — pagkatapos ay tawag ni Aling Taking sa papanaog nang si Pedok.

—Bakit, Mommy? Akin 'to, a... Hindi naman sa Ate 'to, a!

—Tama, hindi nga sa Ate mo 'yan, pero akin 'yan...

—Ho? —muling napangiwi si Pedok. —'Kala ko ba, 'ala kayong pera?

Naggalit-galitan si Aling Taking. —'Ba ang barumbadong ito't... Sino'ng may sabi sa 'yong wala akong pera! Ayaw lang kitang bigyan kanina. Halika... halika... akin 'yan!

Natakot si Pedok. Hawak na na naman ni Aling Taking ang tsinelas. Napaiyak siya, at dahan-dahang pumanhik. Nakadukot sa bulsang pinagsidlan niya ng napulot na diyes.

—Akina... nagwalis ako sa silong... nalaglag seguro, —sabi pa ni Aling Taking.

Si Rosita'y nagtatakang napatingin sa kanyang Mommy. —Pero, Mommy... —nasabi niya.

Palihim namang kinindatan ni Aling Taking si Rosita. Hindi na ito kumibo.

Nagmamaktol na inilabas ni Pedok ang diyes. — Akina'ng singko, Mommy. Napulot ko naman. Kung iba'ng nakakita n'yan, hindi na ibibigay sa inyo 'yan.

Nag-isip pa kunwa si Aling Taking. —Sige, papalitan mo... Pasalamat



ka't nawala 'yan. Kungdi'y mahirap nang bigyan kita. Sige, papalitan mo't ibalik mo sa 'kin ang singko.

—Pabili mo na lang ng mani ang singko. Mommy... Wala tayong makukot, e....

—Mabuti pa... Sige, bumili ka ng singkong mani at iyo na'ng singko, —ani Aling Taking kay Pedok.

Nagkakandarapang tumakbo si Pedok.

—Talaga bang sa 'yo'ng diyes na 'yon, Mommy? —naitanong ni Rosita sa ina nang makaalis na si Pedok.

—Hindi. Hindi ko alam kung kaninong pilato 'yon, e...

—O, e, bakit...?

—Pababayaan mo ba naman ang diyes do'n sa kapatid mo? E— di isang iglap lang, wala na 'yon...

Nagbalik si Pedok. Pahagis na ibinigay kay Aling Taking ang balutan ng mani. At nagmamadaling nanaog. Tuwang-tuwa.

—'Kita mo na, e, di 'yung singko lang, tuwang-tuwa na. May mani pa tayo ngayon, —ani Aling Taking kay Rosita.

Nagpatuloy sa paghihingutuhan ang dalawa. May kinukukot pa silang mani. Hindi nila namamalayan ay isang bata ang mangiyak-ngiyak na pumasok sa kanilang silong. Matagal na nagpalibut-libot sa silong at pagkatapos ay umiiyak nang pumanhik kina Aling Taking.

—'Ba Tano! Bakit? —usisa ni Aling Taking sa bata.

—Si Pedok, hu, e... Kinuha'n diyes ko... —halos hindi makapagsalita si Tano sa kahabagan sa sarili. —Sabi'n nanay ko, huwag kon gagastahin 'yon, e...

—Anong diyes? —matapos magkatinginan sila ni Aling Taking ay pasinghal na sabi ni Rosita kay Tano.

—Do'n ko lan binitiwan sa tabi n'ya kaninan nanlalaro kami, e...

—Tawagin mo nga si Pedok... tawagin mo'ng batang 'yan! —kunwa nama'y galit na sabi ni Aling Taking.

Naghihiyaw si Rosita. Dumating si Pedok na may pinapangos na tubo.

—Bakit? —namumualang tanong ni Pedok habang pumapanhik. Hindi makatingin si Pedok kay Tano.

—Sa'n mo nakuha'ng diyes? —tanong ni Aling Taking.

—Sa silong. Sabi n'yo sa inyo 'yon...

Biglang sumagot si Tano. —Naka, sa 'kin 'yon, e... Akina!

—A, sa 'yo ba 'yon! —napataka pa si Pedok. —Ay naku, sabi ng Mommy ko, sa kanya e... Ibinili na namin ng mani at tubo.

Hindi na nakapagsalita si Tano. Ngumawa na at nagmamadaling nanaog. Nang na sa ibaba na ay tiningala si Aling Taking, si Rositang nagkukukot ng mani at si Pedok na patuloy pa rin sa pagpapangos. Basag na basag ang boses ni Tano nang magsalita habang nakatitig sa mag-iina... —Kaaaaa.. hindi kanila ginasta... Susumbon ko kayo... kinuha n'yon diyes ko...

Si Aling Taking at Rosita ay takot na nagkatinginan. Si Pedok ay patuloy pa rin sa pagpapangos. Namumualan —'Ayan.... 'Ayan... lagot... —may paninising sabi.

——«o»——

## Bola ng Pingpong

(*Karugtong ng na sa pah. 15*)

kanyang *handbag* at nasalat ang kuping na bola ng ping-pong. Muli niyang nagunita si Charing, ang paguwi nang gabi ni *Mr.* Buen, at ang pagkakagalit nila nang umagang yaon. Binubulay-bulay niya ang nasaksihan na niyang pagngingitian nina Charing at *Mr.* Buen nang mapatingin siya sa puwesto ng kalihim. Maganda iyon —katulad ni Charing.

Naguluhan sa sarili si *Mrs.* Buen. Hindi na niya malaman kung kanino siya nagngingitngit... hindi maaaring pumunta nang magkasama si *Mr.* Buen at *Miss* Flores kina Charing. Kapagkuwa'y nalingunan niya ang *clerk.*

—Ano, nasaan ang "boss" mo... at si *Miss* Flores? —bigla at malakas na usal ni *Mrs.* Buen. Nabitiwan ng *clerk* ang pluma. Nanaig ang pagkatakot sa pagaalaala.

—Si *Mr.* Buen ho... masakit daw ang ulo niya kaya nagpabili ng *cortal* kay *Miss* Flores. Kaaalis lang ho ni *Miss* Flores nang dumating kayo. Pero hindi na ho siya hinintay ni "boss" at umalis din.

—Saan daw pupunta?

—Kina Aling Charing daw ho.. —Napapiyak ang *clerk* sa huling binigkas. At saka lamang siya nakahinga nang maluwag.

Nawala ang pangamba ni *Mrs.* Buen tungkol sa kalihim. Napagbuntunan ng galit niya si Charing. Iyon ang talagang sadya niya. Kaya nga lamang siya dumaan sa tanggapan ng asawa'y upang magkaroon siya ng maliwanag na ebidensiya laban kay *Mr.* Buen.

Dinukot ni *Mrs.* Buen ang kuping na bola ng pingpong at isinara ang kanyang *handbag.* Mabilis siyang tumindig. Inirapan pa niya ang *clerk,* saka nagmamadaling lumabas ng tanggapan.

Hawak-hawak ang bola ng ping-pong, mabilis ang pag-ilag niya sa nangagdaraan sa Avenida Rizal. Tinawid niya ang kalsada. Na sa tapat na siya ng *Charing's Sporting Goods* nang muling magpuyos ang kanyang kalooban. Pinisil niya ang bola ng ping-pong. Naragdagan ang pagkakuping niyon. Ang bolang iyon ang kunwa'y ibibili niya ng kapalit. Saka niya dadalihan ng sumbat si Charing. Alam na alam na niya ang kanyang sasabihin.

Nang mahawi ang mga tao sa tindahan nina Charing ay nakatungong pumasok si *Mrs.* Buen. Nakatingin siya sa mga eskaparate. Bigla siyang nagtaas ng ulo at hinanap si Charing. Wala sa tindahan si Charing!

Hindi nawalan ng loob si *Mrs.* Buen. Inaasahan din niya ang gayon. Higit pa niyang mapamumukhaan si Charing. Pag ganoong wala si *Mr.* Buen sa tanggapan at wala rin si Charing sa tindahan ay natitiyak niyang may pinuntahang restawran ang dalawa. Kabisado ni *Mrs.* Buen ang mga pinupuntahang restawran ni *Mr.* Buen. Nagsimula siyang humakbang na papalabas ng tindahan.

—Talagang *champion* ka sa ping-pong, Benny. Tinalo mo silang lahat..... —Kay Charing ang tinig na yaon. Si *Mr.* Buen ang kausap. Dinig na dinig ni *Mrs.* Buen ang lahat.

—Tamang-tama ang pagkakapatayo mo ng pimpungan sa *second floor* ng tindahan mo, —sabi ni *Mr.* Buen. —Nawala na tuloy ang sakit ng ulo ko.

Nakadama ng pagkahabag si *Mrs.* Buen sa asawa. —M a b u ting negosyante itong si Charing, —nawika pa niya sa sarili.

Nalimutan ni *Mrs.* Buen lahat ng balak niya. Sa halip na umalis sa tindahan ay hinintay niyang makababa si *Mr.* Buen at si Charing.

—Pinuntahan na kita sa upisina, —bati ni *Mrs.* Buen sa asawa nang makababa na ang dalawa. Inakbayan niya si *Mr.* Buen at nginitian si Charing. —Pero huwag na tayong magsine. Umuwi na lamang tayo't turuan mo ako ng pingpong sa bahay.

Lihim na nangiti si Charing. Nagitla si *Mr.* Buen; pagkaraa'y napabulalas ng tawa nang makita ang kuping na bolang hawak ng maybahay. Kinurot siya ni *Mrs.* Buen. (X)



**Kunduktor:** Sa'n po ba tayo, kabayan?

**Estong:** Deretsong Maynila.

**Kunduktor:** Ibabayad ninyo 'yang dala n'yo... Titikitan natin ng diyes.

**Estong:** Ha? 'Ba, ano ka ba... Tila bago ka lang nagkukunduktor sa biyahe rito sa amin, a! Bakit mo titikitan ang dala ko?

**Kunduktor:** Pag ganyang kalaki na ho ang dala ng pasahero e, ibinabayad na!

**Estong:** Pero hindi ko ibinabayad ito... Baunan ito, a... Ito'ng tatanghalian ko mamaya!

Pinawisan nang malapot ang kunduktor.

——«»——

Pagkalabas sa sine ay nagtanungan ang nag-date na sina Angge at Bidoy...

—Ba't naman sa batok mo pa ako hinalikan? —tanong ni Angge.

—Ha? — Nagulat si Bidoy. — Kung gayo'y hindi ako! Sa tenga kita hinalikan, a!

Napamulagat si Angge.

——«»——

**Guro:** Ang mga test paper ay ginagawa na sa isang imprenta. May tatlong araw pa kayo para mag-review. May tanong pa ba?

**Isang estudyante:** Saang imprenta hu ginagawa ang mga test paper, ma'am?

## Nagbabalik...

(*Karugtong ng nasa pah. 17*)

DAPITHAPON nang masumpungan ni Lauro na tinatalunton niya ang landas na patungo sa gulod. Ang simoy na nanggagaling sa dagat ay may inihahatid na kaginhawahan sa kanyang katawan at kapayapaan sa kanyang kaluluwa.

Naupo si Lauro sa isang tuod. Tiningala niya ang mga punong-niyog. Iginala ang paningin. Doon... sa dako roon... ang pangarap nilang tahanan ni Idad!...

Napabuntunghininga si Lauro. Sa kauna-unahang pagkakataon, mula nang siya'y lumisan, nakadama siya ng pangungulila kay Idad.

—Lauro...

Lumingon siya, at...

—Idad...

—Alam kong magbabalik ka.

—Hindi ako karapat-dapat sa iyo, Idad... —nasabi niya. —Mapatawad mo pa kaya ako?

—Sa gulod na ito... lagi kong hinihintay ang iyong pagbabalik...

Nakita niyang nagsisimulang mangilid ang luha sa mga mata ni Idad. Tumindig siya at niyakap ito.

Mula sa gulod ay natatanaw nila ang pulutong ng mga bahay sa pusod ng kabayanan, ang puting dalampasigan, ang kalawakan ng dagat, at sa gawing kanluran ay ang iba pang mga punong-niyog na ang mga lunting dahon ay nakapatingkad sa dakong nilulubugan ng araw. (x)

——oOo——

## Dambana...

(*Karugtong ng na sa pah. 16*)

la? —untag ni Eddie sa kanya.

Hindi siya nakasagot agad. Nalayo sa pag-uusap nila ni Eddie ang kanyang pagdidilidili. At ang pagaapuhap niya ng isasagot ay nagbigay-pagkakataon kay Eddie upang ito'y makapagpatuloy.

—Hindi ba... kung talagang iniibig niya ang lalaking yaon ay pipigilin niya ako... pagsasabihang naghihintay na lamang siya ng panahon upang humarap sa dambana... na siya'y wala nang laya.

Marahang napatangutango si Chit.

Sinaid ni Eddie ang kape sa hawak na tasa.

—Pero... wala siyang nasasabi sa akin tungkol sa mga liham mo, Eddie, tungkol sa mga ipinadada-

la mo sa kanya. Magkatapatan din kami...

—Hindi ko masasagot sa iyo ang bagay na iyan, Chit... Maaaring naglilihim na siya ngayon sa iyo. Nguni't huwag kang malungkot, kailangan lamang na unawain mo siya... alang-alang sa akin...

Natingnan ni Chit si Eddie. Ito'y nakangiti sa kanya...

—Alang-alang sa akin? —ulit ni Eddie sa kanya.

At napatango si Chit.

Halos mawalat ang dibdib ni Chit sa kanilang paghihiwalay ni Eddie. Isa pang mariing dagok ng kabiguan ang napataw sa mga suliraning dinadala niya sa kanyang dibdib. Hindi niya naisip na gayon ang magiging bunga ng kanyang hakbang na yaon. Katumbalikan ng lahat ng inaasahan niya ang naganap.

Hanggang sa nang makauwi ay hali-haliling natatanghal sa kanyang balintataw ang kaanyuan nina Eddie at Aida. Si Eddie, bilang isang kahanga- hangang lalaki at bilang isang pinag-uukulan niya ng gayong kasidhing pagtatangi. Si Aida, bilang isang kaagaw at bilang isang napakabait at mawaing kaibigan.

Naroong kamuhain niya si Aida, naroong makadama siya ng pagsisisi sa kanyang ginagawa dahil sa nababatid niyang walang kamuwang-muwang si Aida sa mga dahilang dapat niyang ikamuhi rito. Naroong sisihin niya ang sarili. Naroong maisip niyang hindi niya dapat gawin ang lahat. Naroong italaga niya ang sarili sa pagpapakasakit, alang-alang kay Aida...

Nguni't hindi makasang-ayon ang kanyang pusong umiibig na talikdan ang napasimulan niya. At ang pasiyang nabuo sa kanyang sarili'y iisa: kina Ginoo at Ginang Buenaflor dapat niyang ipagtapat ang lahat! Hindi pa rin siya naniniwala kay Eddie na hindi iniibig ni Aida si Luis. At iminamatuwid na lamang niya, bilang pagbibigay katarungan sa mga ginagawa niya, na tungkulin niyang iiwas si Aida sa maaaring maganap. Si Aida, sa larangan ng pagkakaibigan ay walang kapantay para sa kanya at magdaramdam din siya kung balang araw, ito'y maparatangang isang babaing talipandas, isang taksil.

SI RAMON ay nagsadya kina Eddie. Kararating pa lamang ni Eddie buhat sa pagtatagpo nila ni Chit. Masaya siyang sinalubong ni Eddie.

—Tinawagan kita kanina, pero wala ka raw, sabi ng *maid* n'yo, —ani Ramon. Sila ni Eddie ay magkaharap na nakaupo sa pasamano ng balkonaheng nayuyungyungan ng mga baging ng ubas.

—Kumusta? —malayong sagot ni Eddie. Dinukot niya ang *cigarette case* at inalok si Ramon.

—Heto, nag-iisip, —tugon ni Ramon sabay kuha ng inialok ni Eddie.

Kapuwa sila nakapagsindi na nang muling magsalita si Eddie.

—Ano naman ang iniisip mo?

—Ano pa e, di ang sinabi mo sa akin tungkol kay Chit. Sumasakit na ang ulo ko e... Talagang matay ko mang isip-isipin, e... Tila mahirap gawin ang ibig mong mangyari. *It's impossible Buddy!*

—Talagang ganyan, kahit alin, e, mahirap sa simula. Pero simulan mo't mamamalayan mo na lang na naro'n ka na... —Humitit si Eddie. —Ano ba ang naiisip mo't tila wala kang tiwala sa mungkahi ko sa iyo?

—Wala akong duda... Alam mo namang basta sinabi mo'y *believe* ako, e. Ang hirap nga lang, hindi ko malaman kung paano mag-i-*start*.

—Huwag mo na munang isipin ang pagpapasimula. Basta panay *indirect approach* ang gawin mo...

—Paanong ibig mong sabihin?

—Ang hirap sa iyo, Ramon, parang naiinsulto mo ako n'yan, e... E, hindi ba't noong una'y ikaw ang nagtuturo sa akin. Bakit ngayon, e...

—Pero, ibang *case* 'yan ...Ngayon lang ako masusubo sa ganyan... Biruin mong kinaibigan muna natin siya. Mahirap 'yan, 'ba...

—Na sa pagiging magkaibigan na nga ninyo ang ikadadali n'yan... Teka nga, Ramon... baka naman hindi mo siya...

—Gusto?... Ewan ko pa rin... Pero mula nang sabihin mo sa akin ang mga *traits* niya na hindi ko nakikita, e... parang nagkakaroon ako ng *interest* sa kanya, e...

—Tama... 'yan, ang sinasabi ko sa iyong *indirect approach*.... *Just show that you're sincerely interested in her*... Ipadama mo lang na may gusto ka sa kanya..... *Just show that you care.*

—Hindi ako magsasalita, gayon ba? Panay *suggestion* lang?

—*That's it!*

Nag-iisip na napangiti si Ramon. Maluwat na hindi siya nakapagsalita.

(*Buklatin sa pah.* 31)

## Ikatlong Gabi...

(*Karugtong ng nasa p.* 17)

dahilan, ay walang imik na nakiramdam.

—Siyenga... "nagbalik" nga si Trining... —anas ni Tata Igme na sa anyo'y hindi man lamang sinasagilahan ng bahagya mang takot. —Teka nga at mapanaog! Malaman natin kung ano ang kanyang ibig...

Magkayakap na umupo si Bindoy at si Mang Porong nang manaog si Tata Igme. Nagsisipamuti ang mga matang nakikiramdam kung ano ang mangyayari sa silong.

Walang-anu-ano'y nakarinig sila ng malakas na galabog na sinundan ng mabibilis na yabag ng taong tila naghahabulan... papalayo.

—Hinabol na... hinabol na ni Tata Igme! —nangangaykay na sabi ni Mang Porong.

Sa-papanhik si Tata Igme na may hawak na isang putol na kahoy.

—Matulog na kayo nang mahimbing! —ang sabi ng matanda. —Hindi na babalik si Trining... Nakalimutan na siguro. Kung "Babalik" pa 'yon e hindi na palalampasin ang ganitong oras! Mag-uumaga na 'ata! Ang "bumabalik" e sa pagitan ng alas-otso at alas-dose kung "sumipot"! Pag inabot ng ganitong oras e tiyak na hindi na!

—E... ano hu 'yung narinig naming...

Hindi na natapos ni Mang Porong ang pagsasalita at nagtawa si Tata Igme.

—Si Destong Maninilip ang diyaske! Nagkamali ng pasok at ang akala raw e silong nina Orang ang sinuot! Buti't nagpakilala agad at ibinulong sa akin ang tutoo! Talagang aaldabisin ko na nitong kaputol na kahoy, e!

Nagkatinginan sina Bindoy at Mang Porong. Sila man ay natangay na rin ng paniniwalang hindi na nga "babalik" si Trining. Kung "babalik" pa iyon ay hindi na nga naman lalagpas pa sa gayong oras.

At nang muling mapayukayok si Tata Igme sa pagkakatalungko sa pinanggalingang sulok, ay naghihilik na rin si Bindoy at si Mang Porong — tulad ni Peles na hindi nabulabog ng naganap na pangyayari! (X)

# Umawit Naman Tayo...

### *I'M SORRY*

(Kay "Dearie" ni "Loves"; handog ng "Trangkaso Gang" kina Celing, Juling at Josie.; kina Boy Cristobal, Porong at Rody mula naman kay C.S.; kay Delfin dahil sa pagdaraos niya ng ika-18 kaarawan noong ika-6 ng Enero, buhat kina Cely, Dellie, Rosy, Flor, Romy, Amado, Yulie, Inc, Naty, Nene, Jose at Ino; alay ni Junior (Turko) kay Norma.)

I'm sorry for the things
I've done
I know that I'm the foolish
one
Now that I know I'm to
blame
I'm so ashamed, I'm sorry
I'm sorry for the things
I've said
Just like the once I lost
my head
I should have known from
the start
I'd break you're heart,
I'm sorry
Everytime and I know
you'll find
It's so easy to forgive
Darling, wait for it's not
too late
Let's give our love a
chance to live.
I know the heartaches
you've been through
I know for I have heartaches, too
There's nothingmore I
can do.
But say to you, I'm sorry

———

### MORE

(Buong pusong inihahandog ni "MN" kay Bb. Norma de Castro dahil sa sasapit niyang kaarawan sa ika-19 ng Enero.)

You're more than life to
me
More than eternally
And the more I know of
you
All the more I love you
I need you more each day
Much more than words
can say
More than forevermore
I'll be yours
The silver moon that
fades too soon
Will bring the dawn when
you'll be gone
Before you go please let
me know
That what you feel is
really true
So do not grieve that we
must leave
Because I live only for
Your love and mine more
and more.

—oOo—

### STARDUST

(Kay Linda Bernardo mula kay Cmel de las Armas.)

Sometimes I wonder why I
spend the lonely nights
Dreaming of a song
The melody haunts my
reverie
And I am once again with
you
When our love was new
And each kiss an inspiration
But that was long ago
Now my consolation
Is in the stardust of a song
Beside the garden wall
When stars were shining
bright
You were in my arms
The nightingale tells the
fairy tales
Of paradise where roses
grow
Though I dream in vain
In my heart it always will
remain
My stardust melody
The memory of love's
refrain.

—oOo—


### TWO LOVES HAVE I

(Kay Acthur mula kay Lulu.)


Two loves have I
And they tear me apart
Two loves have I
Both are in my heart
One is a flow'r and the
other a flame
Two loves have I
But they're not the same
When I'm in a gay mood
'Tis when my light love I
crave
Then again, at times my
other love
Can make me a slave
I can't' deny
That to both I am true
Two loves have I
Both of them are you

—oOo—


PAKANLURAN ANG MGA WEGON!
ni
WALT DISNEY
ANG MGA MANLALAKBAY AY SUMAPIT SA HIMPILAN NG KUTA LARAMIE...
KAY-LAKING GINHAWA NGAYONG MALIGTASAN NATIN ANG MGA INDYAN!
LAURA, DOON MUNA TAYO HIHIMPIL BAGO SUMAKABILANG IBAYO!
DALISAY NA TUBIG...KASANGKAPAN...MGA KUMOT...MGA GAMOT...
AT SIGURO'Y BAGONG BONET PARA SA 'KING MANIKA...?
PINATIGIL NI KAPITAN STEPHEN ANG PULUTONG NANG MATANAWAN ANG ISANG MANGANGABAYO BUHAT SA HIMPILAN...
TIGIL! HIHINTAYIN NATIN DITO ANG SADYA NG TAONG ITO!
SA PALAGA'Y KO'Y IINATIN KO MUNA ANG AKING MGA BINTI HANGGANG SA MAKAPAGPASYA SI KAPITAN JIM!
AKO RIN, DOKTOR JOHN!
SANA'Y HUWAG MAAKSAYA RITO ANG MAHAHALAGANG ORAS NATIN.
NAGMAMADALI KAYO, DOKTOR JOHN?
© 1956 Walt Disney Productions World Rights Reserved
10-28
BASTA GUSTO KO LAMANG NANG LAGING KUMIKILOS, MYRA!
DAPAT BANG LAGI KANG KUMIKILOS?
Distributed by King Features Syndicate
SA PALAGAY KO--HANGGANG SA MATAGPUAN KO ANG PINAKAMAGANDANG BANSA DAIGDIG--AT ANG PINAKAMAGANDANG DILAG...!
ITUTULOY...




**Magsalita at Sumulat sa Wikang Pilipino!**



MANDRAKE ang SALAMANGKERO
mna LEE FALK at PHIL DAVIS
DINADALA NA NILA AKO -- SA DAKILANG MANGKUKULAM -- HINDI KO PA SIYA NAKIKITA -- NANGANGAHULUGANG -- PAPATAYIN NA NILA AKO --!
SA MAHIWAGANG HIMPILAN NG MGA MANGKUKULAM, ANG KAPATID NI MANDRAKE NA SI LENORE --
1
LUMUHOD KA SA HARAP NG DAKILANG MANGKUKULAM!
IWAN KAMI.
2
AH, NANGAHAS KANG PUMARITO SA BUNDOK NG MGA MANGKUKULAM NA IBINABAWAL LALO NA SA MGA BABAE! ALAM MO BA ANG KAPARUSAHAN?
KA-KAMATAYAN?
3
OO, IYAN ANG KARANIWANG PARUSA RITO. HINDI MO BA NAIISIP NA PANAHON NANG TUMIGIL KA SA PAGLALAGALAG SA MAPAPANGANIB NA POOK, AT MAG-ASAWA, MAGSILANG NG SANGGOL -- SA PAYAPANG TAHANAN?
--?
4
DI MO BA NABABATID NA ANG KAPATID MO'Y PAGAL NA SA PAGSUNOD SA IYO SA MADIDILIM NA SULOK NG DAIGDIG UPANG ILIGTAS KA, LENORE, KILALANG BABAING MANUNUKLAS!
ANG AKING -- KAPATID --?
5
10-28
©1956, KING FEATURES SYNDICATE, Inc., WORLD RIGHTS RESERVED.
DINARAMDAM KONG TAKUTIN KA, NGUNI'T SANA'Y MATANDAAN MO NA ITO!
MANDRAKE! ABA -- IKAW --
HINDI PA TAYO NAKALALABAS DITO!
6
ITUTULOY


TARZAN
ni EDGAR RICE BURROUGHS
GINULANTANG NG MGA PAGGIBIK ANG HARI SA KAGUBATAN, AT NATAGPUAN NIYANG DALAWANG LALAKI ANG AK-MANG SISILAIN NG MGA HAYINA!
ISANG HAYINA ANG LUMUNDAG UPANG MANILA--NANG BIGLANG HUMAGINIT ANG PUNYAL NG TAONG-UNGGOY AT MAGLAGOS IYON SA PUSO NG HAYOP!
MAINGAT NA NABAWI NI TARZAN ANG SANDATA, NGUNI'T TUMANGGAP NG PAGKATALO ANG MGA HAYINA AT NAGSILUSAN.
"MARAMING SALAMAT," USAL NG NAKATATANDA. "AKO SI WALTER KEYS, AT SIYA SI JOE RICE, ANG AKING GIYA--"
"AYOKO NA," PUTOL NI RICE. "NANINIWALA NA AKONG WALANG BABAING MAKALILIGTAS SA KAMAY NG TAONG-GUBAT!"
RUSS VAN BUREN JOHN CELARDO
"ISANG BABAING PUTI?" TANONG NI TARZAN. "OO", MALUNGKOT NA TUGON NI WALTER KEYS, "NGUNI'T ISASALAYSAY KO MUNA BUHAT SA SIMULA--ANG KAHINDIK-HINDIK NA PANGYAYARI..."
9-30
1334
Distr. by United Feature Syndicate, Inc.
ITUTULOY

Guhit ni Tony Bautista



# Ang "LO' WAIST GANG" sa "ARMY"

Katha ni JOSE C. GARCIA

ang nakaraan: Pagkatakas ng **GANG** sa kabaret, sa darating naman ang mga **MP**. Di ipinagtapat ni Senador Bigat kung sino ang mga **TRAINEES** na tumulong sa kanya sa takot na masangkot pati ang anak niyang bilanggo. Tuwang-tuwa si Kabo Lauro nang si Tony ay maibalik sa **STOCKADE** ng **GANG**. Nalaman ni Max na si Tony ay na-**GOOD TIME** kaya upang matakpan ang kanyang **BURGANGA** ang liham niya kay Kumander Bulaklak ay ipinahulog ni Tony kay Nanding. Ipinag-utos ni Bulaklak kina **DOMING PALTIK** at **BEN HARANG** na isagawa ang **OPERATIONS 1-2-3** sa oras na ang mga bilanggo ay iuwi sa Muntinglupa mula sa Fort McKinley...




ANO KAYA ANG GAGAWIN KAY TONY? MAHULI PA KAYA SINA MAX? (TUTULOY)

# señor MISERABLE

Nobela ni PATROCINIA R. MARCELINO
Guhit ni ELMER E. ESQUIVIAS






"Parang binayo ang aking dibdib..."

# "ANG AKING KASINTAHAN"

Pagtatapat ng isang Artista kay Benito R. Cadiz

**Nakipag-ibigan Siya Sa Isang Babaing Hindi Nakikilala. Kung Ano Ang Kinahinatnan Ng Kanilang Pag-iibigan Ay Siyang Inilalarawan Ng Marikit Na Kasaysayang Ito**

MARAMI nang nasulat na kuwento tungkol sa pag-ibig. Marami na ring naganap na kasaysayan ng dakila at maitatanging pag-iibigan. Ang kasaysayan ng aking pag-ibig, kaipala'y maibibilang na rin sa mga iyan. Naito, pakinggan ninyo at aking isasalaysay.

Magdadalawampung taong gulang na ako nang makadama ang aking puso ng tinatawag na "unang pag-ibig". At ito'y dumating sa aking buhay nang di ko inaasahan.

Nagtatrabaho ako noon bilang isang "clerk" sa isang bahay-kalakal. Isang araw, napakisuyuan ako ng aming manedyer na tawagan ang isang mangangalakal tungkol sa isang negosyong pinag-uusapan nila. Isang magandang tinig-babae ang sumagot sa akin. Sinabing wala ang taong pinatatawagan ng aming manedyer pagka't nagtungo sa lalawigan nang umaga nang araw na yaon, at marahil ay kinabukasan pa ang dating. Sinabi ko ang gayon sa aming "boss".

Hinaharap ko nang muli ang aking gawain, nang mapag-isip-isip ko ang may magandang tinig na nakausap ko sa telepono. Aywan kung bakit parang naakit niya ang aking pananabik na muli siyang makausap. Kaya nang oras ng aming pamamahinga pagkatapos kumain ay nakaisip ako ng isang kapilyuhan. Muli akong tumawag, sa pag-asang ang babaing iyon ang muling sasagot sa akin. Sa wari ko'y isa siyang dalaga.

Hindi nabigo ang aking pag-asa. Ang tinig din ngang iyon ang sumagot sa kabilang dulo ng kawad.

—Sino ba sila? —ang tanong sa akin nang hindi ko masabi kung sino ang talagang ibig kong makausap at kung ano ang aking nais.

—E... kuwan ho... isang ulilang kinapal... —ang naisipan kong sabihin, pagka't ang tutoo'y wala naman akong maapuhap na dapat isagot. Wala akong hangad sa pagtawag na yaon kundi ang marinig ang tinig ng aking kausap.

—Ho? Hindi ko kayo maunawaan, —muling sagot sa kabilang dulo ng kawad.

—Isa ho akong kulang-palad na nilikhang naghahanap ng aliw sa buhay. Nagbabakasakali lamang akong makatagpo ng isang mahabaging pusong magdudulot sa akin ng kahit pansamantalang ligaya...

Inaasahan kong isasara ng aking kausap ang telepono. Nguni't sa buong pagtataka ko, katumbalikan ang nangyari. Lalong naging magiliw ang tinig ng aking kausap nang muli siyang magsalita.

—Ang ibig ba ninyong sabihin ay sa telepono hinahanap ninyo ang sinasabi ninyong kaligayahan? —ang wika.

—E... ganoon na nga ho... at huwag sana kayong magagalit, —aniko. —Nagbabakasakali akong makatagpo ng isang kaibigan kahit na sa pamamagitan lamang ng telepono, at kayo ang napalaran kong makausap nang hindi ko sinasadya.

Aywan kung gawa-gawa lamang, narinig ko pang nagbuntonghininga ang aking kausap, at nang muling sumagot ay bahagyang lumungkot ang himig.

—Isang kapalaran ko ang pagkakataong ito, ginoo. Ako man ay matagal na ring naghahanap ng magiging "phone pal" sapagka't malungkot din ang aking buhay. Ibig kong magkaroon ng kaaliwan kahit na sa parang ito ng paghanap ng isang kaibigan. Maaaring ang pagkakataong ito'y sinadya ng tadhana upang maging lunas sa ating kalagayan...

Tumagal nang ilang sandali ang pag-uusap namin. At sa itinagal ng aming pagpapalitan ng pangungusap ay lubos siyang nagpakilala sa akin. Ulila na raw siya sa ama't ina, at isa siyang dalaga. Malungkot daw ang kanyang buhay dahil sa ipinagtapat niyang mga kadahilanang halos hindi ko naman nangaintindihan. Sapagka't sa pakikipag-usap ko sa kanya'y naglalakbay mandin ang aking diwa. Naiisip kong sa aking kapangahasan ay nakatagpo rin ako ng isang babaing makapagdudulot sa akin ng aliw, kahit na sa pakikipagtawagan lamang sa telepono. Nang ako naman ang hilingan niyang magpakilala ay hindi ako nakapagsinungaling, bagaman inilihim ko sa kanya ang tunay kong pangalan at ang aking tahanan at pinagtatrabahuhan.

—Saka mo na ako lubusang makikilala, pagdating nang araw, —ang wika ko. —Lalong magiging matamis ang ating pagtatawagan kung kapwa tayo mananatiling nananabik sa isa't isa. Basta't buhat ngayon ay magiging magkaibigan tayo sa telepono, o gaya ng sinabi mo, tayo'y magiging mag-"phone pal". Saka na ang lubos na pagpapakilalanan at pagkikilala...

At yaon na ang simula ng malimit naming pagtatawagan. Sa mga unang araw ng malimit naming pag-uusap sa telepono ay sarisari ang aming naging paksa: may sa kabuhayan, sa pulitika, sa relihiyon, sa pamahalaan at marami pang ibang bagay. Nahalata ko agad sa aming mga pag-uusap na siya'y hindi isang karaniwang babae lamang. Matayog ang kanyang diwa at malawak ang nasasaklaw ng kanyang isipan. Nag-aangkin siya ng pambihirang katalinuhang labis kong hinangaan.

At sa pagdaraan ng mga araw, ang paghanga ko lamang sa kanya ay unti-unting nauwi sa ganap na pagpapahalaga, hanggang sa madama kong ako'y umiibig sa kanya. Umiibig ako sa isang babaing ni hindi ko pa nakikita man lamang at hindi ko pa lubusang nakikilala!

Hindi ako nakatiis na hindi ihayag sa kanya ang aking damdamin nang minsang muli kaming magkausap sa telepono. At sa buong kagalakan ko, tinanggap naman niya ang aking pag-ibig.

Buhat ngayon, tatawagin kitang "Irog", at ako nama'y tatawagin mong "Hirang," ibig mo ba? —ang malambing na wika

pa niya sa akin. —Nguni't tandaan mo, ito'y hanggang dito lamang... sa telepono.

Maligayang tinanggap ko ang kanyang mungkahi. At buhat noon ay naging magkasintahan nga kami sa telepono. Araw-araw halos ay lagi kaming nagtatawagan. Punung-puno ng pag-ibig at pag-aalaala sa isa't isa ang aming pag-uusap. Pinagpapayuhan niya ako sa aking mga suliranin, at siya naman ay gayundin sa akin. Higit sa lahat' nadama namin kapuwa ang walang pakunwaring pag-ibig at pagmamahal sa isa't isa, kahit sa paraang iyon lamang ng pagsisintahan. Naging napakatamis nlya sa aking gayon na lamang, na ginanti ko naman ng napakatamis ding pagmamahal. Kapuwa kami nangarap at lumikha ng paraiso sa himpapawid, na inasam-asam naming matupad sa katotohanan pagdating nang araw.

At isang hapong muli kaming magkausap sa telepono, kapuwa kami hindi na nakatiis. Nagtipanan kaming magtatagpo sa isang pook kinabukasan nang hapon. Sinabi niya sa akin ang kanyang isusuot at ang iba pang bagay na aking pagkakakilanlan, at ako naman ay gayon din.

—Subali't... ipangako mo sanang hindi ka magbabago kung ganap na tayong magkakilala, —ang wika pa niya. —Maipapangako mo ba?

—Oo, —ang sagot ko naman. —Hindi ako magbabago, tulad din ng inaasahan kong hindi mo pagbabago munti man kung ako naman ang iyong makilala.

Gayon ang naisagot ko sapagka't natitiyak kong hindi niya pagsisihan ang pakikipagkilala sa akin nang lubusan at ang pagkatupad sa katotohanan ng aming *pag-iibigan sa pangarap*. Makisig din naman akong lalaki at may kaunti ring pinag-aralan. Hindi ako maaaring ikahiya ng sinomang babae. At siya naman, ayon sa n a b u b u o n g larawan sa aking gunamgunam sa tuwing kami'y nag-uusap sa telepono, ay inaasahan kong isa ring magandang dalagang nag-aangkin pa ng mataas na pinag-aralan. Kaya nga kami'y nagkayaring magkikita kinabukasan nang hapon, sa isang pook sa may Sine Dalisay.


At kinabukasan nga, sa oras at pook ng aming tipanan, ay sumipot ako. Magara ang aking bihis at punung-puno ang aking puso ng nag-uumapaw na pananabik. Sa wakas, naisasaloob ko, ay ganap ko na ring makikilala ang babaing natutuhan kong mahalin. Kaipala'y maging napakatamis ang pagkatupad sa katotohanan ng aming pag-iibigan.

Sa pagkakatayo ko sa may panulukan ng Raon at Abenida Rizal ay naramdaman kong may kumapit sa aking bisig, kasabay ng marahang pagtawag ng "Irog". Nang lingunin ko at matambad sa akin ang larawan ng isang babae ay parang binayo ang aking dibdib...

*TATAPUSIN*



*Katulad ng mga nakaraang taon, masayang ipinagdiwang ng Sampaguita Pictures ang nakaraang Pasko sa pammamagitan ng isang pagtitipon at salusalong dinaluhan ng "Sampaguita Family." Makikita sa larawan si Amalia Fuentes at si Marichu Perez, panganay na anak nina Dr. at Gng. Jose Perez, samantalang inaaliw ang ilan sa kanilang mga naging panauhin.*




**Buksan ang inyong radyo sa palatuntunang "Mr. and Mrs." nina Pancho Magalona at Tita Duran—tuwing Miyerkoles, sa ganap na ika-7:30 - ika 8:00 n.g. sa himpilang DZRH.**



Ang nangakalarawan ay hindi mga tunay na taong-bundok kundi ilan lamang sa mga nagsisilabas sa "KAHARIANG BATO" ng Tamaraw Studios. Itinatampok sa pelikulang ito sina Alicia Vergel, Cesar Ramirez at Myrna Delgado.



# Iba't-ibang KULAY sa PUTING-TABING

Hindi pa nalalaunang nabalita na si Delia Razon ay malapit nang humarap sa dambana sa piling ng isang mapalad na lalaki. Ngayon, nababalita namang si Emma Alegre ay malapit na ring pakasal sa isang taga-Bulakan. Kapag nagkatutoo ang mga balitang iyan, dalawang bituin ng LVN ang mamamaalam na sa daigdig na kanilang ginagalawan, at mangyari pang mangungulila ang marami nilang tagahanga.

---

Inihayag kamakailan ni Dr. Jose Perez ang ilan sa kanilang malalaking produksiyon sa taong ito. Nangunguna sa talaan ang "Ismol Bat Teribol" na pagtatambalan nina Luis Gonzales at Amalia Fuentes, sa pamamahala ni Direktor Jose de Villa. Kasunod ay ang "Hongkong Holiday", na ginagampanan nina Ric Rodrigo, Gloria Romero, Paraluman, Dolphy at marami pang bituin ng Sampaguita. Susunod naman ang "Tarhata" na pinangungunahan nina Fred Montilla, Ramon Revilla at Lolita Rodriguez. Pagkatapos ay ang "Torkwata" nina Eddie Arenas at Susan Roces, saka ang "Diyosa" na lalabasan nina Rita Gomez at Ric Rodrigo, "Bituing Marikit" nina Amalia Fuentes, Juancho Gutierrez at Dolphy, "Pasang Krus" nina Luis Gonzales at Rita Gomez, at marami pang iba.

---

Ang marilag na bituing Pransesa, si Gigi Marriette, ay dumating noong ika-29 ng Disyembre upang manatili ng mga dalawang linggo sa Maynila. Si Mlle. Marriette, na ang tunay na pangalan ay Flora Dugon, ay isa sa mga pangunang bituin sa pelikulang "Kim". Nang kapanayamin ng mga mamamahayag, sinabi ng panauhing bituin na ikinalulugod niyang makalabas sa pelikula na kasama ng mga artistang Pilipino.

Mula sa paliparan ay ipinagsama si Gigi Marriette sa estudyo ng Premiere at malugod na ipinakilala sa mga pinuno at mga bituin ng samahan.

---

Naging masayang-malungkot ang Pasko ni Delia Razon. Malungkot sapagka't nagparaan siya ng Pasko sa pagamutan dahil sa pagkakaopera ng kanyang apendisitis. Masaya sapagka't sa pagkakataong iyon ay minsan pa niyang napatunayan na marami siyang mga tunay na tagahanga at matatapat na kaibigan. Ang mga ito'y nagsidalaw sa kanya at nagsipagsikap na madulutan din siya ng kaligayahan sa araw ng pagsilang ng Mesiyas.

Ngayon ay magaling-galing na si Delia, at kabilang sa mga labis na nagagalak ay si Direktor Joe Climaco. Maipagpapatuloy na, sa di malalaunan, ang pagsasapelikula ng "Flying Cadet" na ginagampanan ni Delia ang pangunang papel.

---

Muling nahalinhan ang isang bituing nakatakdang lumabas sa "The Day of the Trumpet" ng C. H. Santiago Organization. Ang bituing ito'y si Dale Robertson, na nagkaroon ng biglang kompromiso sa kanilang kompanya sa pelikula. Sa halip na si Dale ay si Scott Brady ang tutupad ng papel na dapat niyang gampanan.

Si Scott Brady at tatlo pang bituin ng Hollywood ay nakatakdang dumating sa Pilipinas sa mga unang linggo ng Enero upang simulan na ang gagawin nilang pelikula.

Nakalarawan sa mukha ni Efren Reyes ang matinding poot kay Eddie del Mar sa tagpong ito sa "KIM" na isinapelikula sa Indo-Tsina. Ang iba pang mga bituin sa pelikulang ito ay sina Cynthia Zamora, Renato Robles, Oscar Roncal at Ric Bustamante, at ipinakikilala ang bituing Pransesa na si Mme. Gigi Marriettee.



Sa kanan ay makikita sina Ata Della, Carmencita Abad at Emma Alegre sa isang tagpo sa "DALAWANG INA" ng LVN na pinamamahalaan ni Direktora Susana de Guzman. Kasamang nagsisitupad ng mga pangunang papel sina Armando Goyena at Milagros Naval, katulong na nagsisiganap sina Vic Silayan, Ben Garcia, Lourdes Galicia, Ramon Yulko at maraming iba pa.

## Dambana...

(Karugtong ng na sa pa. 20)

Nang makahitit lamang nang ilang sunud-sunod at mapatay sa katabing sinisera ang kanyang sigarilyo, saka siya nakaimik.

—Kung gayo'y masasabi kong nakapagsimula na ako...

Si Eddie ay halatang nagulat. —Bakit, ano na ba ang ginawa mo?

—Hindi siya pumasok kanina, hindi ba? Hinahanap ko siya, e... At sa paghahanap ko sa kanya'y nakatagpo ko ang isa niyang kaklase. Sinabi ngang hindi siya pumasok. Hinabol ko si Aida. Inabot ko naman...

—Pagkatapos? —salo ni Eddie.

—Sinabi ko kay Aida na ako naman ang kukumbida sa kanila... sa isang sayawan...

—Saang sayawan? Hindi mo pa nasasabi sa akin 'yan, a...

—Para ka namang bago nang bago sa atin, e... E, di magpasayaw tayo at sabihin nating... pa-*blow-out* mo, o pa-*blow-out* ko. Bahala na sa...

Ang pagsasalita ni Ramon ay pinutol ng paghalakhak ni Eddie.

—Ginagawa mo pa rin pala ang *stroke* na 'yan, ha? —aniya.


—Naisip ko lang 'yon dahil naimbita mo na sila, samantalang ako'y hindi. Ayaw kong makalamang ka, e...

—Pero kung gano'n lang ang sinabi mo kay Aida, walang *effect* 'yon kay Chit. Pareho mo lang silang kinumbida, e...

—Ba, hindi. Ipinakiusap ko nga kay Aida na kung maaari'y siya na ang magsalita kay Chit para sa akin. Sinabi kong si Chit ang ibig kong maging kapareha. Naibiro ko pang hindi ako makadadalo kung di si Chit ang magiging kapareha ko....

—E, si Aida? —naitanong ni Eddie.

—*Understood* na 'yon... Nauunawaan na seguro niya iyon. Sinabi ko na lang sa kanya na kasama ka, e...



Sina Ric. Rodrigo, Gloria Romero, Daisy Romualdez at Liza Ferrer, sa isang tagpo sa "HOLIDAY IN HONGKONG" ng Sampaguita-Golden City Film Co. Ano kaya ang ibinibida ni Ric sa kaharap na lalaki at tila taimtim ding nangakikinig ang tatlong dalaga?



Talagang mahirap maging direktor sa puting-tabing! Iyan ang ipinahihiwatig ng larawang ito ni Direktor Ramon A. Estella samantalang sakay ng isang bangka sa isang ilog sa Timog Biyetnam. Buhat sa bangkang ito ay binibigyan niya ng mga tagubilin ang "cameraman", mga artista at "crew" na nagsisigawa ng pelikulang "KIM".

NANG GABING YAON ay umalis sina Ginoo at Ginang Buenaflor. Si Aida'y kasalukuyang nagbabasa nang pasubuk-subok pang sumungaw sa pintuan si Inday.

—Senyorita... Senyorita... —paanas na tawag ni Inday kay Aida.

—Nagtatakang napabaling si Aida kay Inday. —Bakit... Parang may kinatatakutan ka?

—Palagay kaya ninyo'y matatagalan ang mga senyora? —patanong ding tugon ni Inday.

—Ewan ko... Hindi sinabi kung saan pupunta, e... May lalakarin daw, umano. Bakit ba?

Saka pa lamang tuluyang lumapit si Inday kay Aida. —Mangyari hu'y may ibibigay ako sa inyo. Baka hu maabutan nila, e... mahirap na!

—Ano 'yon?

—Halikayo sa kuwarto ko... Matagal ko na hung itinatagu-tago ang mga 'yon at takot na takot nga hu akong makita nila...

Nabitiwan ni Aida ang magasing binabasa at nanabik na sumunod kay Inday. Sa silid ng utusan ay dali-daling tinungo ni Inday ang aparador nito at may inilabas na tatlong sobre. Iba-iba ang sukat ng mga sobreng yaon.

—Iyan ba? —bahagya nang naitanong ni Aida at naabot kay Inday ang mga liham.

—Oho, may ilang linggo na hu sa akin 'yan nguni't hindi ako magkaroon ng pagkakataon. Nasabi n'yo sa aking pag hindi kay Doktor Paculan, e, huwag kong ipakikita sa kanila. Natitiyak ko hung hindi kay Doktor 'yan dahil iisa ang selyo... Hindi gaya ng kay Doktor, marami at iba-ibang kulay ang mga selyo, —tuluy-tuloy nang pagpapaliwanag ni Inday.

Nguni't waring hindi siya pansin ni Aida. Hindi nito inaalis ang pagkakatitig sa nababasa sa mga hawak na sobre.

*(ITUTULOY)*


——oOo——

## Ayon sa ...

(Karugtong ng na sa p. 4)

laging "kumakagat" na si Huwan de la Krus? — *Martin Cruz, San Juan, Rizal.*

# Sa ano mang bagay ukol sa Pagpapalimbag...




Sumangguni sa...

# PSP PRESS & PUBLICATIONS




209 Sampaloc Ave., Lunsod Quezon
920 Lepanto, Sampalok, Maynila

*Ang tagapaglimbag ng*

## BAGONG Buhay

Malayang Pahayagang Pang-araw-araw